# *Ang Nakilalang Obra Maestra Ng Diyos*

Salamat, na marami, kapatid. Gusto ni Billy na sabihin ko na ito ang unang beses ko sa pulpito, sa loob ng tatlong buwan. At kanyang. . .Naaalala ko 'yung unang beses na akin siyang, pinaakyat para magpatotoo, ang sabi niya, "Unang-una, kinakabahan ako." Ako, rin naman. Halos tatlumpu't limang taon na ako sa pagmiministeryo, at ito ang pinakamatagal na hindi ako sumasampa sa may pulpito magmula noong nasa pagmiministeryo ako. Kinailangan ko kasi ng kaunting pahinga, kaya si Kapatid na Mosley at ako, at ilan sa mga kapatiran dito, kami'y nanggaling sa isang maikling biyaheng pangangaso. At nakapagpahinga na kami ngayon. At ito ang una kong pagtitipon mula noong ako'y. . .mga a-uno ng Setyembre. At ito'y isang bagay. . .ang pagmiministeryo ay isang bagay na para bang kailangan mong panatilihan.

2 At ngayon hiniling ko sa kanila na patayin 'yang bentilador, o tingnan kung puwede ba nila itong patayin, dahil alam kong nahihirapan kayong makapakinig. At mahirap, alam ko, kapag may nagbibigay ng kanilang patotoo. Medyo di ko sila naririnig nang maigi. Naririnig n'yo na ba nang maayos ngayon? Mabuti naman. Mainam siguro kung tatayo ako nang malapit sa mikroponong ito hanggang sa maayos nila 'yan.

3 Tunay na isa—isa itong malaking pribilehiyo para sa akin, at ako—ako'y tunay na nagpapasalamat sa tagapangulo, at sa sangay ng Full Gospel Business Men dito sa Yuma, at sa lahat ng mga ministro. Itong mahuhusay na mang-aawit dito, sila'y narito sa itaas kani-kanina lang, gusto ko silang mapakinggan sa—sa pagtitipon. Napakaganda po. Naisip ko—naisip ko lang, noong umaawit sila, kung nakita kaya ako ni John. At sana nakita niya ako. At, kaya naman, nabalitaan ko na nagtamasa kayo ng isang rebaybal dito. Pagpalain kayo nang sagana ng Panginoon, kapatid na lalaki at kapatid na babae, sa inyong pagmiministeryo. At sa lahat ng mga kaibigan ko sa Phoenix at sa iba't ibang lugar, na. . .at mula roon sa California.

4 At gusto ko lang magbigay ng pananalita tungkol sa mga sangay. Noong magpunta ako sa mga Pentecostal, ako nga'y. . . nagkaroon na noon ng karanasang pentecostal, na di ko alam na may iglesyang Pentecostal pala. Isa akong Missionary Baptist noon. Tinanggap ko ang bautismo ng Espiritu Santo, at nalaman ko na may ilang mga tao na naniniwala rin doon sa natanggap ko. At natanggap na nila ito nang apatnapung taon bago ko pa

natanggap ito. Mangyari nga na isa lamang ako, gaya ng sinabi ni Pablo, naniniwala ako, hindi sa sinasabi ko ito kasama niya, pero para bang “isa na naipanganak na wala sa panahon.” Pero ang. . .Para bang iniisip ng mga kapatid ko na nalihis daw ako, mistula ba sa malalim na malayo, tulad ng tawag natin dito. Pero ako—alam ko na may natanggap akong bagay. Mangyari nga, na ang karanasan ko’y katulad mismo ng naranasan nila roon. At nalulugod ako roon.

5 At, pero noong makisama ako sa gitna nila, ang—ang bahagi nga nito na nakakadurog ng puso, nalaman kong sila rin pala’y hiwa-hiwalay, sa iba’t ibang denominasyon, tulad ng aking iglesyang Baptist. At sila. . .Inakala ko noon na ang mayroon lamang sila’y isang tinatawag na Pentecostal, at ’yun na ’yun. Pero, nalaman ko, iba-iba’t maraming denominasyon pala sila. Kaya naman, ako. . .mainam naman silang lahat. Alam ko na ang ilan sa pinaka mabubuting lalaki na nakilala ko kailanman, sa buhay ko, ay naroon sa mga grupong ito. At sila’y—sila’y, mangyari nga, na magkakaibang denominasyon. At ang nasa isip ko—ang nasa isip ko ay dapat iisang puso tayo, kay Cristo, at kailanman ay hindi ako umanib sa anumang partikular na denominasyon nila. Nanatili lamang ako sa pagitan nila, at sinisikap na makipagkapit-kamay sa parehong mga kamay, at lahat ng mga kamay, at sabihin, “Magkakapatid tayo.” Hindi tayo. . .Marahil ang silip natin sa maliliit na bagay ay iba sa isa, sa isa’t isa. Pero, sa labas ng lahat ng ’yun, magkakapatid pa rin tayo, dahil ipinanganak tayo ng iisang Espiritu. Tayo ang pamilya ng Diyos.

6 Pagkatapos noong ang mga Cristianong negosyante, ang Full Gospel Business Men, ang sangay na ito, naroon ako sa unang mga pakikipagpulong kay Kapatid na Shakarian. Kilala ko na siya bago pa nagkaroon nitong organisasyon, o naitatag ang organismo. Naisip kong isa itong mainam na bagay. At ito’y naging bukas na pintuan para sa akin, para makapaglakbay nang pandaigdigan kasama ang Full Gospel Business Men na ito.

7 Mangyari po, kung minsan, makakatagpo ka ng isang grupo ng mga ministro, kung minsan, na medyo nagkakaroon sila ng saloobin laban sa iba pang grupo, dahil may sinabing kung ano ang kung sino. Hindi naman sa lahat ng lugar, pero nakikita natin ’yan sa lokal. At para bang, kung itong isang iglesya ang magtataguyod nun, haya’t ’yung isa’y ayaw magkaroon ng anumang kinalaman dito.

8 Pero sa Full Gospel Business Men, naging isang bukas na pintuan ito para sa akin. Kapag dumarating sila, hayan nga na buklod-buklod kami ng lahat ng kapatiran ko, at malaya kaming—malaya kaming nakakapagsama-sama; marahil may dalawang pastor ang malayo ang damdamin sa isa’t isa, o kung ano. Pero ito nga’y naging isang mainam na bukas na pintuan, at nakakapaglakbay ako nang pandaigdigan para sa kanila

ngayon nang mag-iilang taon na rin, naiimbitahang magsalita sa kanilang mga sangay.

9 At ako. . .Di kalakihan ang bayan ng Yuma, gayong sa palagay ko malayong mas malaki ito kaysa sa pinanggalingan ko, na Jeffersonville, Indiana. Pero nakilala ko na ang tagapangulo n'yo rito. Ang. . .siya po'y. . .at ang iba pa sa inyong sangay. At sa tingin ko po'y may kamit kayong magandang pagkakataon dito.

10 Iniisip ko, ngayong gabi, habang nakaupo ako rito at tinitingnan ang mga tao. Alam n'yo, di magtatagal at mawawalan tayo ng pribilehiyong ito. Di magtatagal ay lalamunin na tayo ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Ipinagpapalagay ko na karamihan sa mga tagapakinig ko ngayong gabi ay binubuo ng mga Pentecostal, at mga Baptist, at—at Church of God, at sila na nasa labas pa nung Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. At—at sila, sadyang 'yun po ang ginagampanan nila, at 'yun ang sinabi ng Biblia na gagawin nila. At binigyan na tayo ng babala ukol dun, kaya iwasan natin ito. At gaya ng sinasabi rito ngayong gabi, dun sa awit, tungkol sa nalalapit na Pagparito ng Panginoon, maaaring mas malapit na ito mismo kaysa sa iniisip natin.

11 At sa tingin ko kapag magagawa nating makapagsama-sama sa ganitong uri ng pakikibuklod, may bagay na ibinubunsod ito sa atin, na lalong naglalapit sa atin sa isa't isa. At habang nagiging mas malapit tayo sa isa't isa, mas napapalapit din naman tayo sa Diyos, dahil sinabi ni Jesus, "Yamang ginawa ninyo ito sa pinakamaliit sa mga anak Kong ito, ay sa Akin ninyo ginawa."

12 Mayroon akong maliit na anak na lalaki rito sa kung saan, sa palagay ko, si Joseph. Nakaupo rito si Billy. Dalawang anak na babae na nakaupo riyan sa likod, at isang maybahay. Ngayon kung may sinuman na may bagay na. . .gusto n'yong gawin na talagang kalugud-lugod, mas gugustuhin ko na gawin n'yo ito sa mga anak ko kaysa gawin n'yo ito sa akin. At dahil marahil ang damdamin ko, bilang isang magulang, haya't Siya ang pinagmumulan ng pagiging magulang, kaya sa tingin ko ganoon ang saloobin ng Diyos. Kung magagawa natin. . . Pinaglilingkuran natin Siya habang pinaglilingkuran natin ang isa't isa. Ganoon natin pinaglilingkuran ang Diyos.

13 At yamang nalalaman na ito ang katotohanan, mangyari nga na sa tingin ko sa tuwing magtitipon ang sangay na ito, yamang tumatayo ito bilang pambuong-ebanghelikal. . .Walang tinatayuan na partikular na doktrina ang Full Gospel Business Men. Tumatayo lamang sila para sa buong Ebanghelyo. At kung naiiba ang isang tao, ayos lang 'yun. Ayos lang 'yun. Mayroon pa rin tayong pakikisama, ano't anuman. Kaya sa tingin ko ay magiging. . .Kung naninirahan lang ako rito sa siyudad na ito,

sa palagay ko, kapag nagtatagpo ang sangay, kung magagawa ko lang sana, haya't pupunta ako at papupuntahin ang lahat ng mapapapunta ko roon. Siyanga, dahil isa itong—isa itong bagay na nagpapalakas sa atin na magkakasama.

14 Nakatira ako sa Tucson, at palagi akong nagsasalita sa sangay na 'yun, sa tuwina. At sa Phoenix, mula noong lumipat ako sa Arizona, nasa Phoenix ako sa tuwing magkakaroon ako ng pagkakataon na makaalis at makapunta sa—sa Phoenix, dahil . . . at sinisikap ko na makapagsama ng sinuman, mag-imbita ng sinuman, dalhin ang ibang mga ministro.

Haya't sasabihin, "Buweno, buweno, kita mo, Kapatid na Branham, hindi kasi kami . . . "

15 Sasabihin ko, "Hindi mahalaga kung ano ang iyong . . . Basta sumama ka lang sa akin. Pumunta ka bilang isang—isang kaibigan, kasama ko."

16 At basta mapapunta sila roon kahit kaunting saglit. Ganoon lang ang kailangan n'yong gawin. At malalaman nila, na ang puso ng bawat tao roon ay nagugutom para sa pakikisama. At dapat na ganoon ang gawin natin. Ito'y isang dakilang tanda sa huling panahon. Pagpalain ng Diyos ang sangay na ito. Ito nawa—ito nawa'y magpatuloy hanggang dumating ang Panginoong Jesus para tanggapin na tayo roon sa itaas sa Kaluwalhatian, 'yan ang panalangin ko.

17 Ngayon, naalala ko ang una kong biyahe sa Yuma. Nakasakay ako sa isang Model-T Ford na kayang tumakbo nang tatlumpung milya bawat oras. At iniisip ko habang nagmamaneho ako ngayong araw. Tapat pa rin sa Ford; may isa pa rin ako, at wala nang iba kundi 'yun lang. Pero ako . . . Ngayon, di po ako nagbebenta ng Ford. Ngayon, di po patalastas ito. Kita n'yo? Pero tanda ko pa kung paanong 'yung Ford . . . Marami sa inyo na mga kapatid na kaedaran ko ang maaalala 'yung lumang Model T. 1927 ito. Kailangan mong tumingin nang mabuti o kung hindi'y hindi mo mamamalayan ang Yuma pagdaan mo. Napakaliit nito noon, at talaga namang lumaki na kayo. Pero, ganito po 'yung tatlumpung milya kada oras na takbo sa aking Ford, labinlimang milya kada oras sa direksyong *ito*, labinlima naman sa direksyong *ito*. Kaya, sumahin n'yo 'yun, tatlumpung milya kada oras ang mayroon ako, kasama na ang lahat ng kaldag at iba pa. Lumago na talaga ang Yuma.

18 Ang maluwalhating Iglesyang ito, na, ating—ating pinagpupunyagian para sa kahanga-hangang Pananampalatayang ito.

19 Salamat, kapatid, kung sino man ang nagsikap nun.

20 Lumago rin ito, siyanga, at nagpapasalamat tayo para dun. Pagpalain kayong lahat ng Panginoon.

21 Umaasa kami, kung nasa paligid kayo, sa malapit, alinman sa mga pagtitipon na ito. . . Nakaiskedyul ako sa—sa sangay sa Phoenix, para magsalita, sa susunod na Linggo. At sa susunod na Linggo sa Flagstaff. At sa kasunod na Lunes, sa ikadalawampu't isa, may papiging sa Tucson. Kayong lahat po ay imbitado.

22 At, loobin ng Panginoon, gusto kong magsalita sa bulwagan ng Westwood Ho Hotel, sa tingin ko. Anong gabi uli ito magsisimula? [May nagsasabi, "Sa Linggo na 'yan ng hapon, sa ika-labimpito."—Pat.] Linggo ng hapon, sa ika-labimpito, munting gawain ng pagi-ebanghelyo lang. Sana itong mga mang-aawit, ay naroon din sa mga iskedyul na 'yan, para tulungan kami. At kami po'y naroon hanggang Miyerkules. Sa tingin ko Linggo ito ng hapon. At ginagawa natin 'yan dahil ayaw nating makaabala sa anumang programa ng mga simbahan. Pagkatapos, Lunes at Martes, at pagkatapos Miyerkules ay nasa Ra-. . . nasa West-. . . sa Ramada Inn, Ramada Inn. At pagkatapos sa Huwebes ay magsisimula kami sa Westward Ho. Tama ba?

23 [Sinasabi ng isang kapatid, "Westward Ho, Linggo, Lunes, Martes. Tapos pupunta tayo sa Ramada Inn, sa Miyerkules, at mananatili tayo roon hanggang sa kombensyon."—Pat.] Gaganapin ang kombensyon, sa Ramada Inn. Kaya ikalulugod namin na makasama kayo sa anumang petsa na 'yun.

24 Ngayon, bago tayo dumako sa Aklat na ito, iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali at makipag-usap sa May-Akda.

25 Ngayon, habang nakayuko ang mga ulo natin sa alabok kung saan tayo kinuha ng Diyos, at, kung magtatagal pa si Jesus, kailangan nating bumalik dun sa ganoong paraan isang araw. Mula noong pagkaparito ko, nakatanggap ako ng isang mensahe mula sa silangan, na isang munting binibini na kakilala ko. . . Siya po'y isang munting dalagita na nagngangalang Edith Wright. Pumanaw na para katagpuin ang Diyos, kaninang hapon, ng alas tres. Kailangan naming bumalik. Kung mayroon man dito na ibig maalaala sa panalangin, maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay sa Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

26 Makalangit na Ama, habang nagtatamasa kami ng mainam na pagbubuklod na ito, nag-aawitan, oh, ganoon na lamang na natuwa ang puso ko noong narinig ko ang awiting 'yun, *Did John See Me?* Ama, umaasa po ako na kaming lahat ay paroroon, bawat isa sa amin. At nakayuko kami ngayon sa alabok, at aming—aming idinadalangin na Iyong tanggapin ang aming—aming pasasalamat, at ang aming pagsisisi, at ang aming panalangin para sa isa't isa.

27 At ngayon kami po'y bumabaling sa Iyong Salita, sa sagradong bahagi ng aming pagtitipon na tila mas sagrado pa kaysa—kaysa sa iba pa, dahil batid namin na sa oras na ito'y nakikipag-ugnayan kami sa mga tao, upang akayin sila

sa Katotohanan, kay Cristo at sa Salita, na siyang si Cristo. At idinadalangin namin na Iyong buksan ang Salita para sa amin. Kami—kami po ay kulang, Panginoon, subalit Ikaw ang buong kasapatan. Kaya dalangin ko na Iyong pagpalain ang mga kapos naming pagsusumikap, at masumpungan nawa namin ang aming sarili ngayong gabi at ang aming posisyon sa Salita ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. At inaalay namin sa Iyo ang papuri, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

28 Ngayon, napakainam nga na makaparito. Mayroon akong ilang tala rito na sa tingin ko ay pagsasanggunian ko, sa loob ng ilang minuto, dahil sa palagay ko hindi tayo pinayagang gamitin nang masyadong matagal ang bulwagang ito ngayong gabi. At ako, rin naman, kapag nasa gitna ng mga Pentecostal, medyo mabagal ako, alam n'yo na.

29 Naalala ko. Nasabi ko na sa inyo, marahil. Ang unang beses na makakita ako ng isang ministrong Pentecostal, 'yun po si Rev. Robert Daugherty na taga-St. Louis. Di ko lang alam kung may nakakakilala sa inyo sa kanya. Nakita n'yo 'yung patotoo ng kanyang munting anak na babae sa aklat. Siya po'y—siya po'y. . . Pinagaling ang dalagita mula sa St. Vitus dance na sakit, at sinukuan na siya noon. At sa ganoon ko nakilala ang mga unang Pentecostal na nakilala ko.

30 At, heto, nagpunta ako para pakinggan siya na mangaral, at—at, grabe, kayang-kaya niya—niya na mangaral. Siya'y. . . Hindi siya nagsasayang ng oras. At sige siya sa pangangaral hanggang sa maubusan siya ng hangin, at mag-asul ang mukha niya, at bumigay kapwa ang mga tuhod niya, at halos bumagsak siya sa sahig. At hahabulin niya ang hininga niya, maririnig mo siya sa dulo ng bayan dun, halos, tapos tatayo muli para ipagpatuloy ang pangangaral. At sa isip-isip ko, "Grabe, hindi ko—hindi ko kayang mag-isip nang ganoong kabilis."

31 Ako nga'y para bang kailangan maglaan ng oras. Medyo may kabagalan ako, at tumatanda, na rin, alam n'yo na, pahinay-hinay lang, kaya naman umaasa ako na magagawa n'yong pagtiisan ako sa loob ng ilang minuto.

32 May isang bagay ako na natitiyak, na alam kong hindi mabibigo, at 'yun ang Kanyang Salita. "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Kanyang Salita ay di kailanman mabibigo." Kaya bumuklat tayo ngayon, kung dala n'yo ang mga Biblia n'yo, at gusto n'yong bumasa mula Rito, sa Aklat ni Isaias, sa ika-53 kabanata ng Isaias. Gusto ko pong basahin ito para bumuo, kumuha ng isang teksto para bumuo ng isang konteksto, pansumandali.

> *Sino ang naniwala sa aming balita?. . .kanino nahayag ang bisig ng* P*ANGINOON*?
>
> *Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa:*

*wala* ngang *anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya, ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya.*

*Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa* kapanglawan,*. . .bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao; na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.*

*Tunay* na *kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati.*

*Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating* kasamaan: *ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya;. . .sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.*

*Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan* sa *kaniya ng PANGINOON. . .ang kasamaan nating lahat.*

*Siya'y napighati, siya'y dinalamhati, gayon man ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig: gaya ng kordero* ay *dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya* ay *pipi,. . .hindi niya* binuka *ang kaniyang bibig.*

*Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi ay sino sa kanila ang gumunita? na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay:* at *dahil sa. . .pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.*

*At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa* ng *pangdadahas, o* nagkaroon *man ng karayaan sa kaniyang bibig.*

*Gayon ma'y kinalugdan ng PANGINOON na mabugbog siya; inilagay* niya *siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi,* at *pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng PANGINOON ay lalago sa kaniyang* mga kamay.

*Siya'y—Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa, at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking*

*matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang* kasamaan.

*Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama* ng *dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang . . . idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan: at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang; gayon ma'y dinala niya ang* mga kasalanan *ng marami, at* namagitan *sa mga mananalangsang.*

33 Gusto ko lamang sabihin ito, bilang kaunting teksto. Gusto kong humango ng teksto mula roon, itong: *Ang Nakilalang Obra Maestra Ng Diyos.*

34 Ngayon, ito po'y isang—isang—isang medyo kakatwang teksto para basahin, para hanguin mula dun ang isang obra maestra. Pero kung titingnan lang natin, gaya ng pangkaraniwan nating pag-iisip, 'yun nga'y tungkol sa lahat na maliban sa pagiging isang obra maestra, dahil sabi rito, "Pinagkublihan natin Siya ng ating mga mukha, at walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya." At madalas, ang matatawag nating isang obra maestra, ay wala ngang kinalaman ang Diyos ukol dun. Dahil, ang karunungan ng tao ay kamangmangan sa Diyos, pero ang kamangmangan ng Diyos ay higit na matalino kaysa sa lahat ng karunungan ng tao.

35 At nakikita natin dito, na binigyan tayo ng Diyos ng larawan ng isang bagay. Gusto kong subukan na dalhin ang larawang ito sa ating harapan, dahil napagtanto ko na baka ito na ang huling pagkakataon na makakasama natin ang ilan sa atin. Baka hindi na tayo magkita-kita pang muli gaya ngayon. Kaya naman, yamang nagkatipun-tipon tayo para sa layuning ito, hindi para makita lang o mapakinggan . . .

36 Pero nagkaroon tayo ng pakikisama sa isa't isa gaya ng paghahain natin nitong napakasarap na pagkain ngayong gabi, sa hapag, habang pinapakain natin ang mga pisikal nating katawan, at ngayon po'y ibig naman nating pakainin ng Diyos ang ating kaluluwa ng Kanyang Manna na nakatago. Yaong mga saserdote lang na nakapasok na sa Kabanal-banalang Dako ang pinahihintulutang kumain ng Kanyang Pagkain.

37 At kung mapapansin natin, ngayong gabi, ang ating—ating steak, sa palagay ko di pa ako kailanman nagkaroon ng isang—isang piging, sa lahat ng mga dako na nakapagdaos na ako ng mga pagtitipon, tulad ngayong gabi, na hinainan ako ng napakasarap na piraso ng steak gaya ng inihain nila ngayong gabi. Ngayon, kita n'yo, para nga maihain ito nang ganito sa atin; para tayo mabuhay, may kailangang mamatay para matamasa natin ang oras na ito ng pagsasama, at mapanatili rin ang ating buhay.

38 Kausap ko ang isang lalaking puro gulay lang ang kinakain, kamakailan lang, at ang sabi niya sa akin, "Buweno, hindi ako—hindi ako sumasang-ayon sa'yo." Buweno, siya—siya nga'y para bang nag-abot sa akin ng sulat, gusto niyang makipagkita sa akin nang pribado. At sabi niya, "Kapatid na Branham, noon pa ma'y itinuturing na kita bilang isang banal na tao." Sabi niya, "Pero noong marinig kitang sinabi mo na kumain ka pala ng hamon at itlog para sa almusal," sabi, "ako nga'y—ako nga'y nadismaya."

39 Buweno, mangyari nga, hindi ako maglalagay ng katitisuran sa harapan niya. Ngayon, ganoon kasi ang paniniwala na mayroon siya. Pero sabi ko, "Buweno, ginoo, kung hindi ako kakain, hindi ako mabubuhay."

40 Sabi niya, "Pero, kita mo, kumakain ka kasi ng baboy, at—at pumapatay ng manok."

41 Sabi ko, "Ginoo, nabubuhay lang tayo sa pamamagitan ng patay na bagay. Hindi ko tinitingnan kung anong kinakain mo. Kumakain ka ng mga gulay. Kumakain ka. Kumakain ka ng tinapay, 'yung trigo namatay. Kung kumakain ka ng mais, 'yung mais namatay. Kung kumakain ka ng gisantes, 'yung gisantes namatay."

42 Ano pa man ang kinakain mo, mabubuhay ka lang sa pisikal dahil may namatay para mabuhay ka. Ngayon, kahit anong gawin mo, maski pag-inom ng gatas, 'yung bakterya, anuman, mabubuhay at mabubuhay ka lang sa pamamagitan ng patay na bagay. At patunay lang 'yan, para mabuhay tayo sa natural na buhay na ito, haya't magagawa lang ito sa pamamagitan ng patay na bagay, may kinailangang mamatay para mabuhay tayo nang Walang Hanggan. Yun nga'y si Jesus Cristo, na ibinigay ng Diyos para sa atin bilang pantubos.

43 At ngayon, noong una kong makilala ang mga Pentecostal, nagpunta ako—nagpunta ako ng California, dun sa kadugtong lang na estado rito, sa kabila ng ilog. At nasa Los Angeles ako noon. Hindi ko na naabutan 'yung panahon ng bantog na babaing ministro, na si Gng. Semple. . . Aimee Semple McPherson. Nakilala ko ang anak niyang lalaki, si Rolf, isang mabuting Cristianong ginoo, at ang maybahay niya at ang kanyang pamilya. Tunay nga na sila'y mga kalugud-lugod na mga tao, at sina Dr. Teeford at marami sa mga kawani ng Angelus Temple. At nangaral ako sa Jubileo ng Pentecostal, limampung-taon na Jubileo roon, ilang taon na ang nakalilipas, at tunay na nagkaroon ako ng maluwalhating panahon.

44 Kaya bilang paggalang sa babaing ito na nagpakita ng halimbawa tulad sa ginawa niya, na pagsusumikap sa abot ng kanyang kakayahan, at para—para ilahad kung ano ang nasa puso niya, nagbigay-galang ako sa kanya sa pagpunta ko sa kanyang libingan doon sa Forest Lawn. At habang nakatayo

ako roon hubad-hubad ang aking sumbrero, at—at iniyuko ko ang ulo ko at nagpasalamat sa Diyos para sa isang marangal na buhay ng munting babaing-lingkod na ito, tinanong ako ng mga taong kasama ko, isang grupo ng mga ministro, kung gusto ko raw pumasyal sa . . . sa buong Forest Lawn. At sa loob ng mortuwaryo roon, o anuman ang tawag n'yo rito, tinitingnan-tingnan ko 'yung iba't ibang disenyo, at nakita ko roon ang Hapunan ng Panginoon, at nanatili. Marami na sa inyo ang nakapansin dito, na kapag tatapatan nila 'yun ng mga ilaw, 'yung Huling Hapunan, at narinig n'yo na 'yung kuwento ukol dun.

45 Pero hayan nga na isa sa pinaka namumukod-tanging bagay na nakita ko roon, ay sa pagpasok mo sa pintuan, sa pagkaalala ko'y nasa silangang panig 'yun. May—may estatwa ni Moises na naroon, 'yun 'yung pinakarurok na obra ni Michelangelo sa buong buhay niya, sa paniwala ko 'yun nga, 'yung eskultor na . . . maaaring maling tao 'yung tinutukoy ko, pero sa tingin ko tama naman, si Michelangelo, 'yung—'yung . . . 'yung bantog na eskultor na lumilok nito, o, nung imahen ni Moises. At habang ipinapaliwanag niya 'yun, nung—nung giya na nagpapasyal sa amin, nabanggit niya na 'yan daw ang isa sa pinakadakilang obra maestra na binuo ni Michelangelo. At nabanggit na gumugol 'yun nang maraming panahon sa kanyang buhay, sa pagbubuno.

46 Pagkatapos napansin ko, sa pagkakaalala ko, sa kanang tuhod. Perpektong-perpekto 'yung estatwa kung titingnan, makinis, at nasa kamay ni Moises 'yung tapyas ng bato ng mga kautusan, at mahaba ang kanyang balbas. At 'yun nga, siyempre pa, ang nakikinita ni Michelangelo sa isip niya, kung ano mismo ang itsura ni Moises. Marahil walang litrato na puwedeng paggayahan, pero, sa sarili niyang isipan, iginuhit niya kung ano ang naiisip niya na itsura mismo ni Moises.

47 At sa kuwento, noong matapos niya 'yung—'yung estatwa, at napunasan na't perpekto na, umatras siya para pagmasdan ang kanyang gawa. At siya'y labis na napukaw, hanggang sa kamukhang-kamukha mismo . . . Yung nasa isipan niya, ay nililok niya gamit ang mga kamay niya. Kamukhang-kamukha mismo, at sa haba ng mga taon na hinintay niya ito, siya'y labis na napukaw, hinampas niya ito sa may tuhod at sumigaw, "Magsalita ka!" At kaya may natipak na bahagi dun sa—sa—sa binti, tuhod ni Moises, kung saan 'yun hinampas ni Michelangelo ng kanyang martilyo, dahil labis siyang napukaw.

48 Kita n'yo, may bagay sa kaibuturan niya, sa simula, na iginuhit niya sa kanyang isipan ang isang larawan kung ano ang naiisip niya na itsura mismo ni Moises. At noong makita niya 'yun na ganoon na ganoon sa harapan niya, 'yung mismong imahe sa kanyang isipan, kung ano ang inisip niya na itsura mismo ni Moises; at dala-dala ang pangitaing 'yun sa loob ng

maraming taon, habang binubuno niya ang napakalaking tipak ng granito, at tumapyas ng maliit na piraso rito at maliit na piraso roon, at minarkahan ito, dahil kinakailangan na maging perpekto ito. At noong naperpekto na 'yun sa harapan niya, nakita niya—nakita niya ang repleksyon na nasa isipan lang niya noon. Yun ang dahilan kung bakit napukaw siya, para hampasin ang imahen, at sumigaw, "Magsalita ka!" Yung lahat ng mga taon ng kanyang pagpapagal ay nagbunga mismo. Natapos ang kanyang dakilang gawa.

49 Ngayon nakikita natin 'yun, at ako'y—ako'y nagkainspirasyon dahil dun, dahil naisip ko na, kung tutuusin, 'yung tama na 'yun sa binti, 'yun ang nagpaging ito, para sa akin, nung obra maestra. Dahil, magiging, isa lamang uli 'yung pangkaraniwang larawan, o kung ano ni Moises, na kung anong larawan na naisip ng kung sino. Pero, 'yung lalaki na gumawa nung obra, haya't lubos siyang nasiyahan dito hanggang sa hampasin niya ito. At 'yung tama na 'yun dito ang nagpaging obra maestra nito para sa akin, dahil ganap nitong sinasalamin kung ano yaong nasa isip niya na itsura mismo ni Moises.

50 Oh, tumayo ako roon. Kinailangan kong lumayo nang ilang minuto, para bulayin kung ano—kung ano kaya marahil ang halaga nun sa kanya, at—at kung ano ang katuturan nun sa akin noong mga oras na 'yun. Pagkatapos sumagi sa isip ko, ang tungkol dito na nais kong ipangusap sa inyo.

51 Ibaling natin ngayon ang mga isip natin mula kay Michelangelo, tungo sa dakilang Eskultor, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Na, sa pasimula, bago nagkaroon ng isang araw o bukang-liwayway ng araw, bago nagkaroon ng atom o isang molekula, ang Diyos, sa Kanyang isipan, ay naroon na ang tao, kung ano ang dapat na itsura ng tao, kung ano dapat siya, at kung ano dapat ang ikilos niya. At nais Niyang ang tao na 'yun na maging bahagi Niya, "Kaya nilalang Niya ang tao ayon sa Kanyang sariling larawan, at sa wangis ng Diyos ay nilalang Niya ang tao," oh, noong ang Diyos, sa pasimula, ay ginawa ang obra maestrang ito, na isang bagay na sumalamin sa kaisipan Niya.

52 Tandaan n'yo, may isang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan, at ang ating . . . maging ang mga pangalan natin at ang isipan natin ay naroon na sa Diyos bago pa man itinatag ang sanlibutan. Dahil ngayon taglay natin ang Buhay na Walang Hanggan. At para maging ganoon, kinakailangan na maging bahagi tayo ng Diyos. Kaya kinakailangan na nasa isipan Niya tayo, dahil mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan, at itinalaga na noong una pa lang sa buhay na ito. "At ang ating mga pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itinatag ang sanlibutan," ayon sa Apocalipsis. Ngayon, yamang nasa isipan tayo ng Diyos, kung ganoon ay mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan, dahil pagdaka'y binigkas Niya tayo,

at tayo ay nabuhay. At ang isang salita ay isang kaisipan mismo na nahayag. Tayo, sa pasimula, ay nasa isipan na ng Diyos.

53 Ngayon, at noong likhain Niya si Adan, 'yung unang tao, napakaperpekto nito. Kamukha Siya ng Diyos. Ang Diyos, ang dakilang Espiritu Santo, ay nililiman ang lupa, at Kanyang . . . lumitaw ang mga ibon, marahil, at ang mga hayop, iba't ibang bagay, at patuloy na lumilitaw nang lumilitaw sa anyo Niyaong lumilim. Hanggang, sa wakas, lumabas ang isang uri na katulad na katulad Niyaong lumilim, na siyang Diyos. Ang Diyos ay, o, ang tao'y ginawa sa larawan ng Diyos. Kung ganoon, noong inilagay Niya ito rito sa malawak na halamanan, gaya ng paglalagay ni Michelangelo sa obra ng kanyang buhay, at ng lahat ng mahuhusay na eskultor, inilagay ng Diyos ang gawa ng Kanyang obra sa halamanan ng Eden, iginawa siya ng isang katuwang. Isa—isa—isa ngang ganap na kasiyahan 'yun sa Diyos, hanggang sa nagpahinga pa nga Siya. Isa mismong pagpapahinga. Ang Kanyang gawa ay natapos na.

Saka dumating ang nakakalungkot na kuwento, ng kaaway.

54 Ngayon pansinin. Ang isang bagay na ito ang nais kong ilagay n'yo sa isip n'yo, na binigyan ng Diyos ang tao na ito ng proteksyon. Binigyan Niya siya . . . Niligiran Niya ang tao sa loob ng Kanyang Salita, sa pagsasabi Niya sa kanila kung ano ang maaari nilang gawin, ano ang hindi nila maaaring gawin.

55 At sa ganoon ding batayan tayo inilagay sa panahon ngayon, kung ano ang maaari nating gawin, kung ano ang hindi natin maaaring gawin. Kahit gaano tayo kabuti, gaanong kadalas tayong magsimba, o gumagawa ng *ganito*, kinakailangan nating maipanganak na muli. Kita n'yo? Dapat mismo.

56 At sinabi ng Diyos kay Adan kung ano ang maaari niyang gawin at kung ano ang di niya maaaring gawin. Inilagay Niya siya sa likod ng Kanyang Salita.

57 At pagkatapos ay pumasok ang kaaway, sa pamamagitan ng panlilinlang, at gumapang sa mga pader ng Salita ng Diyos, dahil nakabukas ang pintuan sa kanya, at malubha niyang sinira ang larawan, tungo sa kasalanan. Yun nga ang isa sa pinaka nakakalungkot na kuwento.

58 Ang isipin, na ang tao na ginawa sa larawan ng kanyang Manlilikha, at binigyan na ng pader para dun sa likod nun siya tumayo, na ang Salita ngang 'yun ay di kailanman mabibigo. Yun ang—'yun ang pag-asa ng Cristiano. Ito 'yung kanyang—kanyang kalasag. Ito ang baluti niya. Ito ang bato niya sa panahon ngayon, ang, manatili sa likod ng Salita; ang bawat mananampalataya.

59 Ngayon, hindi kayo dapat umalis sa likod Nun. Kapag umalis kayo, kayo, binubuksan n'yo ang pintuan sa kalaban, kapag sinasabi nila, "Oh, buweno, puwede mo namang gawin 'yung kaunting *ganito*, at kaunting *ganoon*." Gusto ng Diyos

na ihiwalay n'yo ang inyong sarili sa lahat ng tinatawag na kasalanan. Ganap na ibinukod para sa Kanya, at para lamang sa Kanya.

60 Mayroon Siyang layunin sa buhay n'yo, bawat indibiduwal, na wala nang iba pa sa balat ng lupa ang maaaring pumalit sa inyo. Mayroon isang bagay ang Diyos para sa inyo. Ginawa kayo na ganoon. Ginawa kayong ganyan para sa isang layunin. Ang Diyos nga'y may pangingibabaw na kapangyarihan sa Kanyang gawa. Kanya pa ngang . . . Iba-iba. Magkakaiba tayo, sa isa't isa.

61 Mapapansin natin sa buhay ng mga hayop. Nakita natin, sa buhay ng mga hayop, may isang hayop, na gumawa ang Diyos ng hayop na ang trabaho ay tagapasan, tulad ng kabayo, at—at kailangan nitong magtrabaho. At ang baka naman ay isang hain. At, pero, ang—ang leon at ang tigre ay gumagala sa kagubatan na walang trabaho na gawain o anuman. Gumawa Siya ng isang napakalaking hayop tulad ng elepante, at saka gumawa ng isang napakaliit na nilalang na tulad ng bubuwit. Ngayon, sino ang naroon para magsabi sa Diyos kung ano ang gagawin at kung papaano 'yun gagawin? Ginagawa Niya ito sa Sarili Niyang pamamaraan.

62 At ginagawa Niya ang mga bundok. Ginagawa Niya ang mga disyerto. Ginagawa Niya ang—ang mga dagat. Ginagawa Niya ang mga kapatagan. Gumagawa Siya ng isang uri ng punongkahoy, matigas na kahoy, palma, at—at iba-iba. Ginagawa Niya 'yun.

63 Ginagawa Niyang magkakaiba ang mga tao. Binibigyan Niya tayo, bawat isa, ng iba't ibang lugar. At ang isang puno ng palma ay di kailanman magiging isang hikarya. Ang isang puno ng hikarya ay di kailanman magiging isang palma. Walang makakapalit sa inyo, at di n'yo dapat tangkaing kunin ang lugar ng iba. Dahil, isa kayong indibiduwal, sa Diyos, at may layunin ang Diyos para sa inyo. Ginawa Niya kayo na ganyan. Sasabihin n'yo, "Bakit Niya ginawa ito?" May pangingibabaw na kapangyarihan Siya. Mayroon Siyang dahilan kung bakit ganoon 'yun.

Pero nalaman natin na guwardiyado tayong lahat ng Salita.

64 Sa langit, makikita natin ang mga bagay sa kalangitan. Sinasabi ng Biblia na isa mang bituwin ay iba sa isa pa. Naroon ang Sirius at ang iba't iba pa. At ang Mars at Jupiter, lahat nung iba pa, magkakaiba sila. Ang araw ay iba sa buwan, at ang buwan sa mga bituwin. At may mga Anghel, tulad ng, may mga Serafin at mga Kerubin, at mga Anghel at mga dakilang Anghel, na—na iba-ibang antas. At maging sa bagong sanlibutang darating, dadalhin ng mga hari sa lupa ang kanilang parangal sa lungsod.

65 Magiging ganoon tayo sa tuwina. Dahil, ang Diyos ay hindi Sears and Roebuck Harmony House. Siya ay Diyos ng sari-

saring uri. Ginagawa Niya ang isa sa isang paraan, at ang isa sa iba namang paraan. Pero dapat natin Siyang paglingkuran sa paraan na ginawa tayo ng Diyos, at magalak, at manatili sa likod ng Kanyang Salita. At sa ganoong paraan ito ginawa ng Diyos.

66 Pero noong malaman natin na nakapasok ang kaaway sa Salitang 'yun, dito, ang gawa ng Diyos, malubhang sinira ito ng kaaway. At ganyan na ganyan mismo ang ginagawa ng kaaway ngayon. Pumupuslit siya nang palihim sa gawang 'yun, ang kaaway, sinusubukan tayong gawin na maging Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. At ang tao ay. . .Aba, hindi nga nagkakasundo-sundo ang tao sa isa't isa, papaano pa natin maipagkakasundo ang buong mundo sa isang tao? At sa sandali na tangkain n'yo 'yun. . .

67 Mayroon tayong Isa na dapat nating panatilihing kaisa natin, 'yun ang Diyos. "At sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." At ang Salita ay nananatiling ang Diyos, at sa tuwina'y Diyos, dahil ang Diyos ay nasa Salita. "At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin," sa Persona ng Anak ng Diyos.

68 Ngayon nalaman natin, na, pagkatapos Niyang makita ang malaking pagkasira na ito, mukha ngang, kung ikaw at ako 'yun, at binuno natin ang lahat nating panahon at pagsisikap, baka sinipa na natin marahil 'yung obra at pinabayaan na lang, pero, hindi ganoon ang Diyos, hindi Niya ibig na ang Kanyang gawa ay mauwi sa kasiraan. Yun ang pag-ibig ng Diyos. Hindi na nakapagtataka na nasabi ng makata:

> Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng
>   tintang panulat,
> At ang kalangitan naman ay yaong papel na
>   paglalamnan;
> At bawat tangkay sa sangkalupaan ay gawin
>   mang panulat,
> At ang bawat tao'y atasan man na pagsulat
>   lamang ang pagtuunan;
> Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang
>   hihigit pang Maykapal
> Ay makapagpapatuyong mainam nitong buong
>   sangkatubigan;
> Ni hindi kayang doon isulat sa balumbon ang
>   lahat-lahat,
> Kahit pa banatin iunat ang buong sansinukob
>   sa hustong sukat.

69 Nakikita n'yo ang pag-ibig ng Diyos! Matapos na mahulog ang tao at sinadyang buksan ang pintuan sa kalaban, at pumasok at malubhang sinira siya, at itinakda ang kamatayan sa kanya, sa kabila ng lahat ng 'yun ay di ibig ng Diyos na magapi ito.

Bumaba Siya't nagpasimulang muli. Gagawin Niyang muli ang taong 'yun.

70 Inilagay Niya sa isang tipan si Adan, "Gawin mo *ito*, at hindi *ito*; *ito*, at hindi *iyon*; huwag hipuin, huwag hawakan, huwag tikman."

71 Pero nalaman natin, noong nagsimula Siyang muli, nagsimula Siya kay—kay Abraham. At kay Abraham, sinimulan Niya siya sa isang tipan na walang kondi-kondisyon. Hindi "kung gagawin mo." "Akin nang ginawa. Akin nang ginawa ito. Pinagpala na Kita, ikaw at ang iyong binhi, at iba pa, pagkatapos mo." Isa 'yung tipan na walang kondi-kondisyon na Kanyang sinimulan kay Abraham, ang Kanyang gawa muli, at ngayon sa Kanyang tipan na walang kondi-kondisyon. Pagkatapos, nalaman natin, nagbatay Siya kay Abraham at binigyan siya ng tipan, na walang kondi-kondisyon, kalakip ang pangako.

72 Pagkatapos dumating Siya sa mga patriyarka, dumako tayo sa kasunod, sa Lumang Tipan, sa pagtugaygay natin. Ipinakita Niya rito ang pundasyon ng Kanyang gawa. Ngayon naroon sina Abraham, Isaac, Jacob, Joseph; ang apat na patriyarka.

73 Ngayon, nirerepresenta ni Abraham ang gawa ng pananampalataya, pananampalataya, dahil si Abraham ay pananampalataya. Siya'y may malaking pananampalataya, dahil, "Hindi Siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng di-paniniwala." Noong, gaya ng sinasabi natin, "inilapag na ang mga pitsa," at ang lahat ng bagay ay laban sa kanya, siya'y nanghawakan pa rin sa Diyos.

74 Pagkatapos naroon si Isaac, na minamahal niyang anak, na nirerepresenta ang pag-ibig, dahil, si Abraham bilang tipo ng Diyos, ay inialay si Isaac, Genesis 22, nalaman natin na pinasan niya ang kahoy paakyat ng burol, at ang buong 'yun ay naglalarawan kay Cristo, paunang umaanino sa Kanya. At pagkatapos lumitaw ang lalaking tupa at 'yun ang inihandog na kahalili niya.

Ngayon 'yun nga'y pananampalataya, pag-ibig.

75 At si *Jacob*, na ang ibig sabihin ay "mang-aagaw," at 'yun nga'y isang mandaraya. At napagtatanto natin na ang buhay ni Jacob ay rumerepresenta mismo sa biyaya, dahil heto ang biyaya ng Diyos, sa tuwina, kay Jacob.

76 Pagkatapos dumating si Joseph. Walang kahit anong maipipintas kay Joseph. Siya yaong sakdal. Ang propeta ng Diyos na lumabas sa gitna ng kanyang mga kapatid. At kinapootan, nang walang dahilan, at ipinagbili. At sa lahat ng paraan, ang buhay niya'y paunang umaanino sa buhay ni Jesus Cristo. "Naparito sa Kanyang sariling lugar, Siya'y hindi tinanggap ng Kanyang sariling bayan." Kung paanong kinamuhian si Joseph ng mga kapatid niya, itinapon sa isang

hukay, ipinagpalagay na patay na; hinango, itinaas sa kanan ng Faraon. At kapag tumatayo siya sa luklukan, hinihipan nila ang trumpeta, para ipaalam, na bawat tuhod ay kinakailangang lumuhod, at kay Joseph.

77 Nalaman natin na si Jesus ay ipinagbili sa halos parehong halaga na ipinagbili noon si Joseph. Iniahon mula sa—mula sa hukay; at umakyat sa Langit; umupo sa kanan ng Diyos. At kapag darating Siya mula sa Lugar na 'yun, "Tutunog ang trumpeta, at ang bawat tuhod ay luluhod, at ang bawat dila ay ipapahayag Siya," kasakdalan.

Hayun nga ang pananampalataya, pag-ibig, biyaya, at kasakdalan.

78 Tapos dumating ang trabaho sa katawan, ng dakilang eskultura na ito. Ginawa Niya ang katawan sa pamamagitan ng mga propeta. Ang mga propeta ang katawan.

79 Pagkatapos sa wakas ay dumating sa ulo ng dakilang katawan na ito, na si Cristo Mismo. Lahat ng mga propeta'y paunang nagsabi ukol sa Kanya. Ang buong gawang pundasyon ay paunang nagsasabi ukol sa Kanya. Magmula sa halamanan ng Eden, mula sa mismong oras na nagsimula Siya, "Papag-aalitin Ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpyente." At nalaman natin na nagsimula Siya roon, at tumugaygay sa—sa mga patriyarka papunta sa mga propeta, at tumugaygay roon. Minsan pa'y nasalamin Niya ang Kanyang Sarili, noong ipanganak ang isang Lalaki sa lupa, mula sa sinapupunan ng isang babae, 'yun ang Obra Maestra ng Diyos. Yun ang Anak ng Diyos, si Jesus Cristo. Ang dahilan at Siya, ay dahil Siya'y ganap mismo na yaong Salita.

80 "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin."

81 Ngayon nakita natin na sumasalamin sa Kanya ang isang sakdal na obra maestra. Napakasakdal Niya, tulad ng Diyos, hanggang sa sinabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Bagaman Ako. . .Hindi ninyo Ako masampalatayanan? Sampalatayanan ninyo ang mga gawa, sapagkat ang mga ito ang nagpapatotoo sa inyo, kung Sino Ako." Gusto ko 'yun. Kita n'yo? Sinabi Niya, "Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan. . . "

Sinasabi-sabi kasi nila, "Isa kang Tao, na ginagawa ang Iyong Sarili na kapantay ng Diyos."

82 Sinabi Niya, "Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa Niya na nagsugo sa Akin, kung ganoon ay wala kayong karapatan na sampalatayanan Ako."

83 Kaya nararapat lamang na ang bawat Cristiano, ngayon, ay magkaroon ng ganoon ding patotoo. Kung sa ipinangakong Salita na ito ng Diyos, kung hindi kuwalipikado ang mga buhay natin at di humahambing nang eksakto sa kung ano ang sinabi ng Salita, kung ganoon ay wala tayong karapatan na tawagin ang mga sarili natin na mga Cristiano kung hindi tayo ipinanganak na muli. Sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Ang mga tandang ito *ay* lalakip sa magsisisampalataya." Kita n'yo? Hindi na "baka-sakali; marapat lang; marahil nga." Kundi gagawin at gagawin nila ito. Yun ang Eskultor na gumawa sa atin. Yun ang Iglesya na nililok. Yun ang—'yun ang Katawan ni Cristo.

84 Ngayon nakita natin na ganap itong sumasalamin sa Kanya. Ang Eskultor ngayon ay isinasalamin ang Salita sa Obra Maestra na 'yun muli, na tinawag na Kanyang Anak, ang Diyos, Emmanuel. Isipin n'yo na lang, isang Tao na lubos na nakapasakop hanggang sa ipakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili roon, sa katawang 'yun, at Siya'y naging, Siya mismo at ang Diyos ay naging Isa. "Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin. Ginagawa Ko sa tuwina ang nakalulugod sa Ama."

85 Ano kaya kung ang Cristiano sa panahong ito ay magkaroon ng ganoong patotoo? Kayo nga'y magiging isang obra maestra mismo rito sa Yuma, sa lansangan. Kung isa kayong labandera roon sa labas sa likod ng batya n'yo, kayo at kayo nga'y isang obra maestra ng Diyos, kapag nasasabi n'yo, "Ginagawa ko sa tuwina ang nakalulugod sa Diyos," at nakikita ng buong mundo ang—ang gawa ni Jesus Cristo na nasasalamin sa inyo.

86 Sinabi nga, minsan, ang ginto noong araw, noong panahon bago pa sila magkaroon ng pantunaw. Ang. . .Ang ginagawa nila noon ay kinukuha 'yung ginto at pinupukpok ito, nung tagapukpok, nung mga Indian noong unang panahon noong nasa kasariwaan pa ang Arizona. Pinupukpok nila ang ginto hanggang sa masalamin ng tagapukpok ang kanyang sarili dun sa ginto. Pinupukpok nila 'yung lahat ng iron pyrite, 'yung yagit, 'yung dumi, para mahiwalay rito, hanggang sa makita ng tagapukpok ang kanyang sariling repleksyon na parang isang salamin, sa pagpukpok.

87 Ngayon, ganoon ang ginagawa ng Ebanghelyo. Napakaraming tao ang ayaw mabali-baligtad at mapukpok. Buweno, ang kailangan ng iglesya ngayong gabi ay isang mainam, na makalumang, pagpupukpok ng Espiritu Santo, para ihiwalay ang sanlibutan at makamundong mga bagay. Yun ang kailangan ng Pentecostal ngayong gabi. Yun ang kailangan ng ating mga kilusan ngayong gabi, haya't isang mainam, na makalumang, pagbabali-baligtad na pagpupukpok ng ginto, hanggang sa ang buong kamunduhan ay maalis mula sa atin, at masalamin si Jesus Cristo.

88 Ibigay n'yo sa akin ang sandakot na mga taong narito ngayong gabi, na ganap nang itinagubilin kay Cristo, at ang mga buhay nila'y nailaan na kay Cristo. Mas marami akong magagawa sa sandakot na ito, o mas marami ang magagawa ng Diyos, ang ibig kong sabihin, sa sandakot na mga taong ito, kaysa sa magagawa mo sa buong Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, para sa Kaharian ng Diyos. Isang tao lang na ganap na nakapasakop sa Kanyang mga kamay, 'yun lang ang kailangan ng Diyos.

89 Pero, nakita n'yo, ayaw nating pumirmi't hayaang pukpukin Niya ang panig na *ito*, panig na *'yun*, tamaan *ito*, tamaan *'yun*, tamaan ang ideyang *ito*, at *'yun*, at hayaan na si Jesus Cristo ang masalamin sa atin. Masyado tayong tutok sa maraming pelikula. Masyado tayong tutok sa telebisyon. Napakarami nating iba't ibang makamundong libangan, hanggang sa nawalan na ng lasa ang simbahan para sa mga tao. Ito'y dahil umaalis ang Espiritu Santo, at may ibang bagay ang nakapasok. Ganoon nga, mga kaibigan.

90 Naririnig ko ang mga patotoo, ng mga makalumang Pentecostal, kung papaanong nagdaraos sila ng mga pagtitipon para sa pananalangin nang magdamag. Ang mga tatay at nanay natin, apatnapu, limampung taon lang ang nakakalipas, sila'y magdamag kung manalangin. Kinasusuklaman sila ng mga tao, sa lansangan. At samantalang iniisip natin, sa panahon ngayon, na kung di tayo tatapikin ng lahat sa balikat, aba, may mali na sa atin. "Kahabag-habag kayo kapag ang lahat ng tao ay nagsasabi ng mabuti ukol sa inyo." Dahil Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao, at tayo ang Kanyang larawan. Amen.

91 Ang kailangan natin ngayon ay isang totoo't, tunay na mga pagtitipon para sa pananalangin, isang paglilinis, mula sa pulpito hanggang sa janitor, na ang buong bahay ay lilinisin mismo, ng Diyos, pupukpukin, masasalamin ang Larawan ng Tagapukpok, na ang Ebanghelyo'y ipangaral sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Siyanga.

92 Itong munting ebanghelyo na pakikipagkapwa na mayroon tayo, at pagtapik sa isa *rito* sa balikat, at gawing diyakono ang isang *ito*, at *'yung* isa'y isang presbitero naman, o ibang tulad nun, ay pawang pulitika. Hindi ba't ganyan ang eksaktong nangyari sa Nicea, sa Roma? Gusto nating lumayo sa ganoong bagay. Mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, at lahat mismo, kinakailangan nating lumabas doon.

93 Walang pulitika dapat sa loob ng Iglesya. Ang Espiritu Santo ang dapat na mangasiwa sa Iglesya, at hindi pulitikang boto na kung sino ang sino. "Naglagay ang Diyos sa iglesya ng ilang apostol, ilang propeta, at ilang guro, at mga ebanghelista, at mga pastor." Hindi mga tao ang nagboboto sa kanila roon. Ang

Diyos ang naglagay sa kanila roon, sa pamamagitan ng pagtawag ng Espiritu Santo, mga pagtitipon para sa pananalangin, at pagpapatong ng mga kamay, at pamamalagi sa harapan ng Diyos.

94 Pero, ngayon, ginawa na lang nating pakikipagkapwa ang ating relihiyon na umabot sa punto na halos parang pulitika na ito, mismo, na pinaiiral natin ito sa lahat ng mga denominasyon natin. Tayo'y. . .Hindi maituturo ng isa ang iba pa. May sala tayong lahat. Sa loob nga'y makakatagpo kayo ng ilang tunay na kalalakihan at tunay na kababaihan. Pero ang problema, gaya ng iniisip ko, tayo'y lubos na napupunta sa—sa panig ng minorya, ng mga tunay na tao na nais manampalataya't nais ang kapangyarihan ng Diyos. Napakaraming naipapasok sa pamamagitan lang ng gawang pakikipagkapwa, "Buweno, mabait na tao *ito*. Isa siyang mabuting tao."

95 May maiinam na simbahan tayo. Nagtatayo tayo ng maiinam na simbahan, at mas magagandang simbahan kaysa sa mayroon tayo dati. Ayos lang 'yan. Walang dapat na maging tutol diyan. Gusto kong makita na umuunlad ang iglesya.

96 Pero, kapatid, mas gugustuhin ko itong makita na umuunlad sa kapangyarihan ng Panginoon kaysa sa umuunlad sa makamundong mga bagay. Manumbalik kayong muli sa Ebanghelyo! Manumbalik kayo sa kapangyarihan ng Diyos! Manumbalik sa pentecostes, ang. . .gaya ng orihinal. Pero, nakita n'yo, ang problema rito, ayaw nating magpapukpok.

97 Magsasabi ka lang ng isang bagay tungkol sa isang bagay, o tungkol sa kung anong imoral na bagay na ginagawa ng iglesya, o—o sa kung anong bagay na panlipunan, diyan nga mismo'y tatanggihan ka nila, pagsasaraduhan ka ng pintuan. Hindi ka na maaaring pumasok, kita n'yo, dahil mayroon daw silang pagpupulong at di ka kasali. Ayaw ka na nila. Sasabihin nila, "Nabaliw ka na. Nawala ka na sa katinuan mo." Pero hangga't ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, haya't di mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi-sabi ng iba. Kailangan ang kapangyarihan ni Cristo para baguhin ang isang tao. Kailangan ang kapangyarihan ni Cristo para mapanatili ang isang tao.

98 At tulad nga ng sinabi ni Jesus minsan, "Wariin ninyo ang mga liryo. At gayunma'y sinasabi Ko sa inyo na si Solomon, kahit sa buong kaluwalhatian niya, ay hindi nadamitan ng tulad sa isang 'yun." Si Solomon, sa buong kaluwalhatian niya, ay isang—isang kahanga-hangang tanawin mismo. Walang pasubali. Isa siyang dakilang bagay sa mundo, at isang dakilang tao sa harapan ng Diyos. Pero ang damit ni Solomon ay walang buhay. Isa lang 'yung piraso ng materyal, marahil inahit mula sa likod ng isang tupa. Pero, ang liryo nga'y may buhay.

99 Ang kailangan natin ngayon ay ang Buhay ni Cristo sa kaibuturan natin. Yun ang nagdadalisay; hindi ang panlabas, na

isang nakabaligtad na kulyar, o isang digri ng sikolohiya, o kung ano. Kinakailangan ang kapangyarihan ng Cristong nabuhay mag-uli para gawin tayo na kung anong nararapat sa atin. Wala nang iba pang plano ang Diyos kundi hayaan ang Espiritu Santo na mamahala't maghari sa Iglesya.

100 Oh, Diyos, Siya'y lubos na nasa larawan ng Diyos, hanggang sa Siya at ang Diyos ay naging Isa. "Ako at ang Aking Ama ay Iisa." Oh, grabe! Grabeng buhay 'yun, para ang Diyos ay mabuhay nang lubos sa Kanya, na ang buong buhay Niya'y nababalot sa Diyos. Hindi nga nakapagtataka na isa itong obra maestra!

Nilapitan Siya ni Satanas.

101 Sa tuwing iniisip ng Diyos na mayroon na Siyang obra maestra, umeeksena si Satanas. Umeksena siya kay Moises, at nilabag ni Moises ang mga utos. Pero noong dumating siya sa Obra Maestrang ito, 'yun nga'y pinili mismo ng Diyos. Amen. Itinalaga na ng Diyos—ng Diyos si Jesus noong una pa lang. Hindi man lang nakaporma si Satanas. Nanatili Siyang tapat sa Diyos, noong masdan Siya ng Diyos at nakita Siya na tinukso nang apatnapung araw sa ilang, tulad ni Moises. Mangyari nga, na pauna nang inilalarawan Siya ng lahat ng mga lalaking 'yun noon. Hindi nasunod ang kautusan. At noong umeksena siya, si Satanas, ang dakilang manunukso, at sinubukang tuksuhin Siya, nalaman niyang hindi si Moises ang nakaharap niya roon. Hindi, po. Tumama siya sa limang-libong watt na boltahe na sumalab sa mga pakpak niya noong dadambahin niya sana ang Isang 'yun.

102 "Nasusulat," sabi Niya. Kita n'yo? Nahulog noon si Adan. Pero, si Jesus, ang pangalawang Adan, ang Obra Maestra na 'yun na dumating, para maging Manunubos, sinabi Niya, "Nasusulat, 'Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.'" Doon ay nagkaroon Siya ng isang Obra Maestra. Siyanga, po. Mayroon Siyang iba pang sinabi. Sinabi Niya, "Nasusulat din naman, 'Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.' Lumayas ka, Satanas." Hayun ang isang Obra Maestra. Anong ginawa Niya?

103 Hindi sinabi, "Sasabihin ko sa iglesya Ko. Ipapagawa Ko sa mga presbitero ang *ganito-at-ganoon*. Gagawin ng obispo ang *ganito-at-ganoon*."

104 Sinabi Niya, "Nasusulat." Doon Niya inilagay ang una Niyang Adan sa likod nun, at nahulog ito, at malubhang sinira ito ni Satanas. Pero hindi niya kayang sirain ang Isang ito, kahit ano pa ang gawin niya. Anupa't, hanggang siya . . .

105 Sinabi ng Diyos, "Ito ang minamahal Kong Anak. Makinig kayo sa Kanya. Ang lahat, ibinibigay Ko ang lahat-lahat Ko sa Kanya. Kayo, makinig kayo sa Kanya." Sila ay Isa. Sila ay Iisa. Nanahan ang Diyos sa Kanya, na nagpaging Diyos sa Kanya,

na Emmanuel, sa lupa. Siya ay perpektong Cordero, o, ang perpektong Obra Maestra ng pagtutubos. Nalugod ang Diyos, pagkatapos, katulad ni Michelangelo, labis Siyang napukaw ng inspirasyon sa Kanyang buhay. Nakita natin sa . . .

106 May mga Kasulatan akong naisulat dito. Marcos 9:7, kung gusto n'yo itong basahin. Noong . . . Sa Bundok ito ng Pagbabagong-Anyo. Noong naroon Siya sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, nalaman natin na nagpakita roon si Moises, at nagpakita roon si Elias.

107 At pagkatapos, bigla na lang, labis na napukaw ng inspirasyon si apostol Pedro, hanggang sa sabihin niya, "Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo rito. Gumawa tayo mismo ng tatlong organisasyon mula rito. Gagawa tayo ng tatlong denominasyon: isa para kay Moises, isa para kay Elias, at isa para sa Iyo."

108 Samantalang nagsasalita pa siya, may isang tinig na lumabas mula sa ulap na 'yun. Sinabi Nito, "Ito ang minamahal Kong Anak. Lubos Akong nalulugod sa Kanya, sasaktan Ko Siya para sa inyo. Makinig kayo sa Kanya. Siya'y magsasalita."

109 "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway. Siya'y binugbog dahil sa ating kasamaan." Siya'y isang Cordero, ang Cordero ng Diyos, ang perpektong Hain. Walang sinuman ang nabuhay na tulad Niya, wala nga kailanman na nabuhay mula noon na tulad Niya. Siya ang perpektong Obra Maestra, tugmang-tugma sa Salita nang Diyos.

110 Ibinigay ng Diyos sa pasimula ang Kanyang Salita, isang bahagi para sa bahaging *ito* ng panahon, para sa bahaging *'yun*, para sa bahaging *'yun*.

111 Doon labis na nadaya ang mga tao't litong-lito ngayon. Nagtatangka sila na magtayo sa ibabaw ng isang bagay na nangyari apatnapu, limampung taon na ang nakalipas. Tayo'y . . . Yun—'yun nga'y ibinigay para sa kapanahunan na 'yun noon.

112 Anong kabutihan ang maidudulot sana nun kay Moises kung dumating siya na dala—dala ang mensahe ni Enoc? Anong kabutihan ang maidudulot sana nun kay Moises kung dumating siya na dala—dala ang mensahe ni Noe? Anong kabutihan ang maidudulot sana nun kay Jesus kung dumating na dala—dala ang mensahe ni Moises? Kita n'yo? Anong kabutihan ang maidudulot sana nun kay Wesley kung dumating siya na dala ang mensahe ni Luther? Anong kabutihan ang maidudulot sana nun sa Pentecostal kung dumating sila na dala ang mensahe ni Wesley? Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

113 Ang lahat ng ito'y may pinaglaanan dito sa Biblia, at kailangan nating malaman ang kapanahunan at oras, at ano 'yun para sa atin. At diyan tayo nabibigo ngayon. Binabasa kasi natin ang lahat ng iba pang bagay maliban sa Biblia. Ito ang araw na

dapat nating kinabubuhayan. Ito ang araw na inilagay tayo rito ng Diyos. Tingnan natin sa Salita.

114 Sa ganoong paraan sila nabigo na makita si Jesus, 'yung mga Fariseo, at mga Saduceo, at mga Herodiano, 'yung iba't ibang organisasyon noong panahong 'yun ay haya't isinaayos 'yun nang husto, at ganoon na sila kaestablisado, na walang daan na malulusutan, gaya ng inakala nila, pero noong dumating Siya, Siya'y ganap, na ibang-iba Siya sa lahat ng inisip nila ukol dito. Siya'y isang munting, mababang-loob na Lalaking isinilang sa isang sabsaban, na ang. . . di umano'y isa raw Anak sa labas, at lahat ng iba pang mga bagay na tulad nun.

115 Pero, sa kabila nun, dumating Siya nang eksakto sa paraan ng pagkakasabi ng Kasulatan na darating Siya. At samantalang kabisadong-kabisado nila ang sinabi ni Moises, at si Moises nga'y nangusap noon tungkol sa Kanya. Sinabi Niya, "Buweno, kung nakilala n'yo sana si Moises, nakilala n'yo sana Ako. Nangusap si Moises tungkol sa Akin." At hindi pa rin nila ito makita-kita. Talagang labis na nabaluktot na sa kanilang mga tradisyon, hanggang sa di nila talaga ito makita-kita. Pero, kita n'yo, hindi Siya dumating para isalamin ang mga organisasyong 'yun noong panahong 'yun. Hindi Siya dumating para isalamin ang sektaryan na relihiyon.

116 Dumating Siya para isalamin ang Ama, at ang Ama ay ang Salita. Amen. Ngayon pakiramdam ko nga'y parang napupuspos ako nang lubos. Dumating Siya para isalamin ang Salita ng Ama. Sinabi ng Diyos na Siya'y paroroon, at hayun nga Siya, ang perpektong Obra Maestra ng dakilang gawa ng Diyos. Oh, grabe! Siya ang perpektong repleksyon Niya. Isinalamin Niya ang lahat na—na sinalita ng Diyos. Isinalamin Niya kung ano ang sinabi ni Adan tungkol sa Kanya. Isinalamin Niya ang tungkol sa sinabi ng lahat ng mga propeta, tungkol sa sinabi ng lahat ng mga patriyarka. Lahat ng sinabi Niya, Siya ang katuparan ng Salita. Ang lahat ng mga tipo'y naisakatuparan sa Kanya. Oo. Siya'y naging si Jehovah ng Bagong Tipan. Siya ang Lumang Tipan na Jehovah. "Ang Salita noon," na nasa Haliging Apoy, "ay nahayag at tumahan sa gitna natin." Si Jehovah ng Lumang Tipan ay naging si Jesus ng Bagong Tipan. Siya ay isang perpektong repleksyon ng Diyos.

117 Oh, kung maisasalamin lang sana ng Iglesya ngayon 'yung unang Iglesya, noong bumaba ang Espiritu Santo noong Araw ng Pentecostes! Kung maisasalamin lamang ng Cristiano sa panahong ito! Tayo'y hybrid na maituturing, kung ikukumpara sa kanila noon.

118 Nadaanan ko, sa pagpunta ko rito ngayong araw, tinitingnan ko, sa pagpunta ko rito, dun sa isa sa maliliit na Casa Grande, o ilan dito sa maliliit na lugar na ito rito, napansin kong may—may bukid ng mga bulak, at iba't ibang alfalfa. Kinailangan nilang

magtayo ng mga windmill dun, para magbomba ng tubig, para masustentuhan 'yun. Bakit? Hindi kasi 'yun para dun. Talagang hindi. Pero, tingnan n'yo 'yung matandang cactus, kahit di umulan sa loob ng limang taon haya't mabubuhay at mabubuhay ito. At makalimutan mo lang maglagay ng tubig dun sa loob ng ilang araw, haya't mamamatay 'yun. Nakita n'yo, hindi kasi 'yun orihinal.

119 Ganoon tayo. Kailangan pa tayong ala-alagaan na parang sanggol, at magpaimportante sa simbahan, at tapik-tapikin, at tawagin na *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*.

120 Buweno, yaong mga sinaunang Cristiano'y matatag. Wala silang pakialam sa kung sinong tumatapik sa kanila sa likod. Sinalamin nila si Jesus Cristo, nang lubos, na sinabi nila... Itinuring sila—sila na mga mangmang at walang pinag-aralan. Hindi sila nakapag-aral sa mataas na paaralan, at wala silang digri sa kolehiyo. "Ngunit napansin nila na sila'y mga kasama ni Jesus." Yun ang kailangan nila, ng mga Cristiano sa panahon ngayon, ang mapansing nakasama n'yo si Jesus. May bagay tungkol sa iyo, na iba. Alam kong hindi 'yun... Siyanga't hindi popular na bagay 'yun para sabihin, pero hindi tayo naghahanap ng kasikatan. Ang mga Cristiano'y hindi naghahanap ng isang bagay na madali.

121 Isang matandang kapatid na babae sa simbahan ko mga taon na ang nakalipas, ang dating tumatayo at inaawit ang awiting:

> Ako ba'y dadalhin na lang sa tahanan sa Kalangitan
> Sa mabulaklaking higaan ng kaalwanan,
> Samantalang ang iba'y nagbata para pagtagumpayan ang gantimpala
> At naglayag sa kalawakan ng duguang karagatan?
>
> Hindi't, kinakailangan kong magbata kung ako'y mamamahala.

122 Iisipin n'yo kung ano ang gagawin n'yo kung narito kayo noon at ang lahat ay laban kay Jesus Cristo, kung nabuhay kayo noong panahon Niya. Na nabubuhay kayo noon, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Siyanga. Nananatili Siyang ang Salita. Tingnan n'yo kung papaanong tinatapak-tapakan nila Ito ngayon. Tingnan n'yo kung gaano nila sinusubukang organisahin Ito, at papagkaisahin Ito, at lahat na ng gaya nun, sa mundo. Tumayo kayo. Kayo—kayo nga'y tumindig para kay Jesus Cristo at sa Kanyang Salita. Huwag n'yong hayaan na hadlangan kayo ng anuman. Manatili kayo mismo Rito.

123 Tulad nung matandang labanderong Intsik, na dating nagpupunta rito sa Arizona at California, maraming taon na ang nakalipas. Hindi siya marunong magsulat ni isang salita sa Ingles. Halos di niya alam. Kapag dadalhin mo ang labada

mo sa kanya. Alam n'yo kung anong gagawin niya? Mayroong siyang maliliit na piraso ng papel, walang sulat na kahit na ano. Pupunitin lang niya 'yung kapirasong papel at ibibigay sa'yo 'yung isang bahagi. Pagbalik mo, kinakailangan na tumugma 'yung kapirasong papel na 'yun sa kanyang kapirasong papel, o kung hindi'y hindi mo makukuha ang labada mo. Napakainam nga nun. Maaari mo kasing kopyahin ang isang pangalan, pero di mo siya maloloko roon, dahil kinakailangan na tumugma nang eksakto 'yung kapirasong papel sa kanyang kapirasong papel.

124 Sa ganoong paraan ginawa ng Diyos ang Kanyang tipan. Ang karanasan natin ay di kinakailangang tumugma sa kung anong kredo, kung anong dogma, kung anong denominasyon ng iglesya, kundi dapat itong tumugma sa Salita ng Diyos, kay Jesus Cristo. Tama. Sa paglapit natin kay Cristo, haya't tatanggapin tayo ni Cristo. Hinapak Siya ng Diyos sa dalawa, doon sa Kalbaryo. Ang isang bahagi nito'y Kanyang iniakyat, at mauupo sa Kanyang kanan, yaong katawan. Ang Espiritu, dumating Siya, ipinadala pabalik dito para gumawa ng isang Nobya para sa Kanya. At ang tugmang karanasan na 'yun kay Cristo ay kinakailangan na mapasaatin.

125 Siya nga'y—Siya nga'y ganap na napaka perpekto hanggang sa nalugod Niya ang Eskultor, at napukaw Siya nito nang lubos hanggang sa saktan Niya Siya sa Kalbaryo. Oh, grabe! Ngayon ay nakikita natin Siya gaya ng sinabi ng Kasulatan, ang Obra Maestra ng Diyos. "Nakikita natin Siya na sinaktan, hinampas, at dinalamhati ng Diyos." Hayan ang tunay na Obra Maestra. Kung papaanong hinampas ni 'Angelo ang kanyang obra maestra, 'yun ang nagpaging. . .

126 Kung namuhay lang Siya ng isang magandang buhay, naging tulad sana Siya ng ilan sa mga tao na nangangaral ng pakikipagkapwang-ebanghelyo ngayon, "Isa Siyang propeta." Isa Siyang propeta, pero higit pa Siya sa isang propeta. Siya ay Diyos. Siya si Emmanuel.

127 At ngayon ang nagpaging eksakto sa Kanya, para sa akin, na—na Obra Maestra para sa akin at para sa inyo, ay dahil sinaktan Siya ng Diyos. Sinaktan Niya Siya sa Kalbaryo. Kung hindi Siya sinaktan. . .Kahit gaano pang karaming patay ang binuhay Niya, gaano pang kahusay ang pangangaral Niya, gaano mang kadakila ang buhay Niya, ano man ang mga inaangkin Niya, haya't Siya'y pinatunayan doon. Labis Siyang nalugod, ang Diyos, hanggang sa Siya lang ang tanging Tao na tumayo kailanman sa balat ng lupa na maaaring saktan ng Diyos para sa iba. Yaong sakdal na Isa'y sinaktan para sa mga hindi sakdal. Ang buong nilalang na nahulog, sa pamamagitan ni Adan, ay tinubos sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ang Obra Maestra ng Diyos ay nagtagumpay sa pagsubok. Papaano Niya nagawa 'yun? Sa pamamagitan ng Salita. "Nasusulat, 'Hindi sa tinapay

lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.'"

128 Oh, kaibigang Cristiano, isuot mo ang buong baluti ng Diyos. Huwag kang tumayo sa likod na may kung anong kaunting haka ng isang kredo, o bagay na tinatayuan mo. Isuot mo ang buong baluti ng Diyos kapag humayo ka para makipagbaka laban sa kaaway, tulad ng ginawa ng ating Panginoon. Ipinakita Niya kung papaanong kayang talunin ng pinakamahinang Cristiano si Satanas sa pamamagitan mismo ng Salita. May mga kapangyarihan Siya, maaari Niyang saktan si Satanas sa anumang paraan na gustuhin Niya, pero hindi Niya ito ginamit. Kinuha lamang Niya ang Salita at tinalo siya na gamit Ito. "Nasusulat. Nasusulat." Sa lahat ng dako mismo, "Nasusulat." Kaya ginapi Niya si Satanas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

129 Ngayon, isa 'yung sakdal na Obra Maestra at sinaktan Ito ng Diyos. Napakagandang halimbawa Nito! Napakatotoong bagay! Gaya ng pinag-uusapan natin tungkol sa obra ni Michelangelo na—na eskultura roon, ni Moises na hinampas sa may binti? Sinabi ng Biblia, "Ang Taong ito ay lubhang pininsala higit sa lahat ng tao. Siya ay lubhang pininsala hanggang sa hindi na Siya mukhang anak ng tao. Siya ay pinaghahampas. Siya ay binugbog. Siya ay duguan. Siya ay nilatigo." Siya . . . Lahat ng maaaring gawin. Nagmistula Siyang isang—isang malaking kimpal ng Dugo't mga buto, na naglalakad nang bunton. Ni hindi na Siya mukhang tao noon, habang hila-hila Niya 'yun paakyat ng Kalbaryo. Sinaktan Siya ng Diyos para sa atin. Yun ang nagpapaging perpektong Obra Maestra sa Kanya.

130 Oh, ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa Kanya, sa pagkaalam ng ginawa Niyang 'yun para sa akin, na napagtatanto ang ginawa Niyang 'yun para sa inyo. Papaano natin—papaano natin mapapantayan 'yun? Walang makapapantay rito. Walang karapat-dapat na makapantay rito. Tayo noon na wala nang pag-asa. Tayo na walang Diyos. Tayo na walang anumang paraan para matubos. Ang bawat isa sa atin ay ipinanganak nang seksuwal, at sadyang kinakailangan nating pagbayaran ang halaga. Pero dumating Siya, ang Isa na yaon na sakdal, at ganap na sakdal at lubos na kalugud-lugod hanggang sa sinaktan Siya ng Diyos para sa inyo at sa akin.

131 Ngayon, sa loob ng halos dalawang libong taon, sinisikap ng Diyos na ipagtabas Siya ng isang obra maestrang Nobya, na tinatawag na Iglesya. Siyanga. Papaano ang pamamaraan dun ng Diyos? Ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng di-nagbabagong pamamaraan Niya, ang Salita. Hindi binababago ng Diyos ang pamamaraan Niya. Sinuman, maaari nga. Nagbababago kayo. Nagbababago ako. Nagbababago ang oras. Nagbababago ang mundo. Pero ang Diyos ay di-nagbababago, Siya'y sakdal. Hindi Siya nagbababago. At ang paraan Niya ng paggawa ng mga bagay-

bagay sa unang pagkakataon, ay haya't ginagawa Niya ito sa tuwina sa parehong paraan.

132 Iniligtas Niya ang tao minsan dahil nagsisi ang tao. Sa ganoong paraan Niya ililigtas muli ang tao. Pinagaling Niya ang isang tao dahil may taglay itong pananampalataya. Pagagalingin Niya ang kasunod sa ganoon ding batayan. Hindi Niya kailanman binababago ang Kanyang pamamaraan, dahil, kita n'yo, Siya ang may pangingibabaw na kapangyarihan at Siya'y Walang Hanggan. Siya'y walang katapusan, sumasalahat ng dako, nakakaalam ng lahat ng bagay. Siya'y Diyos. At kaya hindi Niya kailangang humingi ng karunungan kaninuman. Hindi Niya kailangang maghintay hanggang sa madagdagan ang nalalaman Niya. Hindi Niya kailangan ng isang bagong digri. Siya'y sakdal. At kahit anong digri, at kahit anong bagay na ginagawa Niya noong una, ang unang pasya Niya'y mananatiling pareho magpakailanman. Hindi ito maaaring mabago kailanman. Oh, ganoon na lamang ang kagalakan ko!

133 At noong ginawa Niya ang una Niyang obra maestra, inilagay Niya siya sa likod ng Salita. Noong ginawa Niya ang ikalawa Niyang Obra Maestra, Siya na ang Salita. Amen. Siya ang Salita; hindi lang basta nasa *likod* ng Salita. Kundi, Siya mismo ang Salita. Hindi kailanman binababago ng Diyos ang Kanyang plano. Sa eksaktong ganoon Niya sinimulang gawin ang Kanyang unang iglesya, sa Salita.

134 Ngayon, ang Diyos, ang Salita, sa pasimula, Siya'y independyente sa lahat ng iba pa, lahat ng iba pa, lahat ng iba pang tao. Ngayon, hindi ko ibig sabihin ito para maging iba lang. Ang Diyos ay segregasyonista. Alam n'yo ba 'yun? Binabanggit n'yo ang tungkol sa integrasyon? Ang Diyos ay segregasyonista. Ganoon nga Siya. Ihinihiwalay Niya ang Kanyang bayan mula sa mundo. Ihiniwalay Niya ang Israel, ang Kanyang bansa. Sinisikap Niyang ihiwalay ang Kanyang iglesya mula sa mundo, pero gustung-gustong magpatuloy ng iglesya kalakip ang mundo. Pero ang bayan Niya'y nakahiwalay mismo, ihiniwalay tungo sa Kanya. Sino Siya? Ang Salita.

135 Papaano mangyayari na may bautismo ng Espiritu Santo ang isang tao, at isinulat ng Espiritu Santo ang Salita, tapos 'yung tao na 'yun na sinasabing may bautismo ng Espiritu Santo ay haya't itinatanggi ang Salita? Papaanong maitatanggi ng Espiritu Santo na nasa inyo ang sarili Nitong Salita na itinakda para sa inyo? Hindi ko maunawaan. Kinakailangan kasing sumasang-ayon ito sa Salita. At kung 'yang espiritu n'yo na nasa inyo ay di sumasang-ayon nang may diin sa bawat isa sa mga pangako ng Diyos ng "amen," may bagay na mali.

136 Si Kapatid na Fred Sothman o isang tao rito ngayong gabi, ang sumipi, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Siya ang Salita. Tama, nga. Siya'y sa tuwina

siya pa rin, kita n'yo, at kinakailangang sang-ayunan 'yun nang may diin ng inyong espiritu ng "amen."

137 "Oh, Siya, sa isang paraan marahil ganoon Siya." Naku't sa lahat ng paraan, Siya'y siya rin kahapon, ngayon at magpakailanman.

138 Ngayon napansin natin na sinimulan ng Diyos na igawa Siya ng isang—isang Nobya para kay Cristo. Kaya. . .At kinakailangang mapagkilanlan ang Nobya kasama Niya at sa Kanya, dahil ito'y bahagi Niya. Ngayon, ang Nobya ay bahagi Niya. Siya'y bahagi Niya. Ang Salita para sa panahong 'yun, ang Nobya ay naging bahagi ng Salitang 'yun, dahil ito'y si Cristo. Ngayon, naniniwala ba kayo roon? Kailangan mismo na tayo'y nakay Cristo. Kay Cristo, kinakailangan mismo na tayo'y kay Cristo, nakay Cristo, bahagi ni Cristo.

139 Ano ang isang babae, kapag kukuha siya ng isang lalaki, o ang isang lalaki'y kukuha ng isang babae? Ang babaing 'yun ay kinakailangan na maging bahagi niya. Hindi na sila dalawa. Sila'y isa na.

140 At noong ang Diyos at si Cristo'y naging isa, Sila'y Isa. Dahil, ang Diyos ang Salita, at ang Salita'y nagsalaman. Ang laman at ang Salita ay naging Isa. At kapag ang iglesya'y naging Nobya ni Cristo, Siya at ang mga Ebanghelyo ay iisa.

141 Papaano n'yo masasabi, kung ganoon na, "Lipas na ang mga araw ng himala"? Papaano n'yo masasabi, kung ganoon, "Hindi Siya siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"? Papaano n'yo masasabi, "Ang mga bagay na 'yun ay para lang sa isang apostol o isang alagad, o isang tao sa ibang panahon," yamang kayo'y bahagi Niya?

142 Gayong, sinabi Niya, "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay di kailanman mabibigo." Paano nga 'yung Apocalipsis 22, noong matapos na Niyang isulat ang Aklat? Sinabi Niya, "Pinatototohanan Ko na kung may sinuman na magdaragdag ng isang salita, o mag-aalis ng isang Salita mula Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

143 Papaano tayo pupunta sa Langit, kung ganoon, na sasabihin, "Buweno, naniniwala ako sa *ganito*, pero di ako naniniwala sa Ganoon"? Ang kailangan n'yo ay ang buong Salita, dahil kayo'y bahagi Niya. Sa ganoong paraan sinisikap ng Diyos gawin ang Kanyang Iglesya ngayon, hindi sa pamamagitan ng isang kredo. At sinusubukan nilang puwersahin tayo roon, mga kasama. Nakikita n'yo na ito na paparating na mismo. Ang sulat-kamay ay nasa dingding na. Hindi na masyadong magtatagal hanggang sa tayo'y maging isa nang pandaigdig na Iglesya. At bawat iglesya'y mahuhulog at mahuhulog na mismo roon, o dadaan sa mga sirkumstansya. Buweno nakahanda na ba kayong tindigan

’yun? Mas mainam na huwag n’yong gagawin ito dahil sa iniisip n’yo lang na tamang bagay ito.

144 Marapat na nasa inyo si Cristo, dahil ang Salitang ’yun ay Walang Hanggan, at ang Salitang ’yun ang siyang magpapabangon muli sa inyo. Magiging bahagi kayo ng Salitang ’yun. Napagkikilanlan kayo kalakip ng Salita.

Ngayon, sasabihin n’yo, “Isa akong Cristiano.”

145 “Sa anong denominasyon ka kabilang?” Buweno, walang anumang kinalaman ’yan sa Cristianismo.

146 Ayos lang na magkaroon ng mga denominasyon. Hindi ako laban diyan. Pero, nakita n’yo, na, ganoon na ang mga tao. . . Marami ang nagsasabi na ginigiba ko raw ang mga denominasyon, na sinisipa ko raw sila. Hindi ko gagawin ’yun. Hindi, po. Ang mga denominasyon, ayos lang ang mga ito. Yan nga’y parang kasunduan lang sa pagtratrabaho, o anumang tulad nun. Pero kung ang pinaglulumagian mo, ay dahil nasasabi mong, “Isa akong Cristiano dahil kabilang ako sa *ganito-ganoong* iglesya,” wala ngang katuturan ’yun. Kinakailangan na kay Cristo ka, at si Cristo ang Salita. At madalas ang mga denominasyong ’yan ay kasing layo sa Salita gaya ng Silangan sa Kanluran.

147 Kinakailangan mong manatili sa Salitang ’yun, para maging ang Nobya. Kung kayo’y nasa Nobya, kayo’y nasa Salita, at ang Salita ay sumasainyo. At ang Salita na sumasalamin sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, ay sumasalamin sa siya ring Diyos sa pamamagitan n’yo. Amen. Ang ibig sabihin ng *amen* ay “siya nawa.” Kaya, siya nawa. Sinasampalatayanan ko ’yan na Katotohanan. Kinakailangan n’yong mapagkilanlan kasama Niya.

148 Ngayon, kung magiging isang totoo’t tunay na Amerikano ako, kung magiging isang tunay na mamamayan ako ng bansang ito, kinakailangan kong mapagkilanlan kasama nito. Kinakailangan kong maging lahat ng kung ano siya noon, tama man o mali. Kinakailangan kong maging lahat ng kung ano siya ngayon, tama man o mali; ang lahat ng kung ano siya sa hinaharap, tama man o mali. Kinakailangan kong mapagkilanlan kasama ng bansang ito, kung ako’y magiging isang Amerikano. Tama ba? Sa kaluwalhatian niya o sa kahihiyan man niya, kalayaan o lingas, ano pa man siya, dapat akong gumawa ukol sa kanyang kawalang-pagmamaliw. Kinakailangan kong tumayo bilang isang yunit. Ang lahat ng kung ano siya ngayon, ay ako. Ang lahat ng kung ano siya noon, ay ako. Ang lahat ng kung ano siya sa hinaharap, dapat akong maging kabahagi niya. Siyanga.

149 Bulayin n’yo lang ito sa loob ng ilang minuto. Na, para maging ganoon, bilang isang Amerikano. . . Patitimuin ko ito sa

inyo, para makatiyak na makikita't makikita n'yo ito, habang ako ay papasara na.

150 Para maituring na Amerikano, kinakailangan na ako'y mapagkilanlan na kasama ng lahat ng ginawa niya. Hayan nga, na dumaong ako noon sa Plymouth Rock, kasama ng—kasama ng mga ninuno. Naroon ako sa Plymouth Rock kasama ng mga Nangibang-bayan. Naroon ako kasama nila. Nangabayo ako kasama ni Paul Revere, isang gabi, para alertuhin ang bansang ito tungkol sa panganib na parating sa kanya. Ganoon dapat ako, kung Amerikano ako.

Sasabihin n'yo, "Oh, Kapatid na Branham!"

151 Sandali lang. Sinabi ng Biblia, sa ika-7 kabanata ng Mga Hebreo, na, "Si Levi na tumatanggap ng ikasampung bahagi, ay nagbayad ng ikasampung bahagi, sapagkat siya'y nasa balakang ni Abraham noong salubungin nito si Melquisedec," ang kanyang kalolo-lolo-lolohan, at ibinilang 'yun sa kanya. Noong ang kanyang kaapu-apu-apuhan ay nasa mga balakang pa niya, noong nagbayad ng kanyang ikasampung bahagi si Abraham kay Melquisedec, ibinilang 'yun ng Diyos. Ganoon ba ang ginawa Niya? Tama.

152 Kung ano man ang bansang ito, ay ako. Siyanga. Kaya, dumaong ako sa Plymouth Rock. Nangabayo akong kasama ni Paul Revere.

153 Tinawid ko ang Valley Forge, naroon ako noon sa nagyeyelong ilog kasama ni George Washington. Isa ako sa kanila na mga sundalong Amerikano na walang anumang sapatos, na nagmartsa laban sa mga Briton. Malamig ang paa ko noong umagang 'yun, noong balutan ko ang mga paa ko. Nakita ko si Washington na lumabas sa ilang, na basa, hanggang sa kanyang baywang, galing sa pananalangin buong magdamag. Naroon ako noong mangyari ito.

154 Tumayo akong kasama ni Stonewall Jackson, noong dagsa mismo ang oposisyon. Noong ang mga hukbo ng hilaga'y ipinadala roon, na sinabi nila, "Nagkawatak-watak ang buong hukbo."

Sabi, "Nasaan si Jackson?"

155 Sabi, "Nakatayo siya na parang isang batong pader." Tumayo ako kasama niya roon; maliit, na payat na lalaki, na asul ang mata.

156 Tinanong nila siya isang beses, "Papaanong naaatim mo na tumayo lang samantalang dagsa ang oposisyon?"

157 Mababang-loob na lalaki mismo, ipinadyak niya ang mga bota niya, nang *paganoon,* sabi, "Hindi ako tumikim ng tubig kailanman, hanggang sa mapasalamatan ko ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat." Tumindig ako kasama niya

sa kanyang masidhing paniniwala. Tumindig ako kasama ni Stonewall Jackson. Siyanga.

158 Naroon ako noon sa Boston Tea Party. Tumulong akong itapon ang ilan sa mga Tsaang Britanya roon sa karagatan. Ganoon nga ako mismo, para maging isang Amerikano. Siyanga, po. Siyanga, po. Pinirmahan ko ang Deklarasyon ng Kalayaan, kasama ni Thomas Jefferson. Pinatunog ko ang Liberty Bell noong ika-4 ng Hulyo, 1776.

159 Napagkikilanlan ako sa kahihiyan niya sa rebolusyon, noong magdigma ang kapatid laban sa kapatid, at ama laban sa anak. Marapat lang na mapagkilanlan ako sa kanyang kahihiyan, kung papaanong napagkikilanlan ako sa kanyang kaluwalhatian. Ganoon na ganoon mismo.

160 Naroon ako sa Wake Island noong ibuwis ng mga sundalo ang kanilang mga buhay. Nakita ko sila na ginawa 'yun. Nakita ko sila noong kinubkob nila ang Wake Island. Tumulong ako para itaas ang bandila sa Guam. Tunay nga.

161 Ang lahat ng siya noon, at ang lahat ng ginawa niya noon, ang lahat ng kung ano siya ngayon, haya't ipinagmamalaki kong sabihin na bahagi niya ako, dahil nagagalak akong maging Amerikano. Hindi ba't kayo rin?

162 Para maituring na Cristiano, kinakailangan na ganoon din ako. Hallelujah! Siyanga, po. Kung isa akong Cristiano, hayan nga na ipinangaral ko ang Ebanghelyo at nagbababala noon sa parating na mga kahatulan, kasama ni Noe. Siyanga, po. Bahagi ako nito noon, doon. Bahagi ako ng pamamalakad ng Diyos.

163 Kasama ako ni Moises sa nagniningas na kahoy. Pinalayas ako sa Egipto kasama ni Moises. Tumakas ako sa ilang, at kasama ko siya sa nagniningas na kahoy. Narinig ko ang Kanyang tinig. Nakita ko ang Kanyang kaluwalhatian. Nakita ko ang Haliging Apoy sa palumpong na 'yun doon, na nakikipag-usap kay Moises.

164 Kasama ko siya sa Dagat na Pula noong mahawi ito. Nakita ko ang Haliging Apoy na namalagi sa ibabaw ng Bundok ng Sinai. Kumain ako ng manna sa ilang at uminom mula sa hinampas na bato. Hallelujah! (Pakiramdam ko nga'y hindi ako singkuwenta'y singko ngayon.) Amen. Siyanga, po. Kumain ako ng manna sa ilang, kasama ng mga anak na Hebreo doon sa ilang. At uminom ako mula sa siya ring hinampas na bato.

165 Tumayo ako kasama ni Josue noong umagang 'yun noong tanawin niya ang mga pader ng Jerico, at nakita niya ang isang Lalaki na nakatayo. Hinugot niya ang kanyang tabak at tumakbo para salubungin Siya, sinabi niya, "Ikaw ba'y sa amin o sa aming kaaway?"

166 Sinabi Niya, "Ako ang Kapitan ng hukbo ng Panginoon." Nakita ko si Josue na itinapon ang kanyang tabak sa lupa.

Lumuhod ako kasama ni Josue noong yumuko ako sa harapan Niya, ang Kapitan ng hukbo ng Panginoon. Nakita ko ang mga pader ng Jerico na gumuho, sa pagtunog ng trumpeta.

167 Nakita ko si Josue, nagsabi, “Araw, tumigil ka. At, buwan, manatili ka sa Ajalon. Huwag kayong gagalaw.” Nakita ko na huminto ang araw, at di pumalyang nagbigay ng liwanag ang buwan. Nakita ko ang lahat ng ’yun na nangyari.

168 Kasama ako ni Daniel sa yungib ng mga leon; kasama ng mga anak na Hebreo sa nagliliyab na hurno.

169 Kasama ako ni Elias, doon noong tanggihan siya ng buong mundo, at ni Ahab at ng lahat ng mga Jezebel na maiiksi ang kanilang buhok at mga abubot noong panahon na ’yun, na kanilang mga kolorete’t mga pulbo, lahat ng bagay na sumakmal sa iglesya. Tumayo ako roon kasama ni Elias, tumindig sa mensahe na dalisay at malinis, sa Salita ng Diyos. Hallelujah! Nanatili ako kasama niya sa Bundok ng Carmel noong tumayo siya roon nang mag-isa. Nakita ko siya na nanalangin ng apoy na bumaba mula sa langit.

Kasama ako ni David noong pinatay niya si Goliath. Luwalhatiin ang Diyos!

170 Buweno, kung isa akong Cristiano, napagkikilanlan ako sa lahat ng ’yun. Kailangan kasi na bahagi ako nito. Siyanga, po.

Nagpropesiya ako kasama ni Isaias noong panahon niya.

171 Kasama ako ni Juan sa Jordan noong makita niya ang kalapati na bumababa sa Kanya. Tumayo ako kasama ni Juan sa Jordan.

172 Nakita ko Siya na pinagaling ang mga maysakit; binuhay si Lazaro; binuhay ang anak na babae ni Jairo, matapos na ang dalagita’y patay na. Saksi ako roon.

173 Napagkikilanlan ako kasama Niya sa Kanyang kamatayan. Namatay ako kasama Niya noong mamatay Siya sa Kalbaryo, at bumangon mag-uli kasama Niya noong umaga ng Pagkabuhay, sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Saksi ako rito ngayong gabi. Namatay ako kasama Niya sa Kalbaryo, bumangon kasama Niya noong Araw ng Pagkabuhay. Hallelujah! Haya’t para maging bahagi Niya, kinakailangan na mapagkilanlan ako kasama Niya. Napagkilanlan ako kasama Niya sa Kanyang kamatayan. Napagkilanlan ako kasama Niya sa Kanyang paghihirap. Napagkilanlan ako kasama Niya noong tanggihan Siya ng mga denominasyon. Napagkilanlan ako kasama Niya, noong itaboy nila Siya palabas ng templo, noong sinubukan nilang ipagtabuyan, paalisin Siya. Naroon ako kasama Niya. Kasama Niya ako sa Kanyang kamatayan, nabuhay kasama Niya sa pagkabuhay na mag-uli.

174 At kasama ko ang sandaan at dalawampu noong umakyat sila sa itaas na silid. Siyanga, po. Nasaksihan ko ang

humahagibis na malakas na hangin na buhat sa Langit. Nagsalita ako sa mga wika kasama ng mga pinahiran noong Araw na 'yun ng Pentecostes. Hallelujah! Naroon ako dahil ako'y napagkikilanlang kasama Niya. Maluwalhati ang Diyos! Siyanga. Nangaral ako kasama ni Pedro, sa Mga Gawa 2. Oh, kasama niya ako noong mangaral doon.

175 Kasama akong nangaral ni Pablo sa Areopago, sa harap ng kritiko. Siyanga, po. Marapat lang.

176 Kasama ako ni Juan sa Pulo ng Patmos. Nakita ko ang pangitain ng Kanyang Pagdating. Ako. . . Nakita ko—nakita ko si Luther, kasama niya ako noong repormasyon.

Kasama ako noon ni Wesley.

177 At ngayon ay narito ako sa Yuma, Arizona. Hallelujah! Napagkikilanlan ako ngayong gabi, dito sa Stardust Motel, kasama ng isang grupo ng mga tao na naniniwala sa parehong bagay. "At ngayon tayo'y nakaupong magkakasama sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus." Hallelujah! Hinihintay ko ang Kanyang Pagdating sa kaluwalhatian, isa sa mga araw na ito. Napagkikilalang kasama Niya!

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing ganap nang walang bayad kailanman:
Balang araw Siya nga ay darating—oh, araw na walang kasing ningning!

178 Ako ngayon ay napagkikilanlan sa bautismo ng Espiritu Santo; hindi isang bagay rito sa lansangan, na apatnapung taon na ang nakalipas. Ngayon mismo'y nasa akin ito, ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos, ng kapatawaran ng mga kasalanan. Nakikita ko Siya na pinapagaling ang mga maysakit, iminumulat ang mga bulag na mata, nakikita Siya na paunang sinasabi ang mga bagay-bagay bago pa mangyari, binabasa ang mga puso ng mga tao. Napagkikilanlan akong kasama Niya sa Kanyang pagmiministeryo sa panahong ito. Luwalhatiin ang Diyos! Napagkikilanlan ako kasama Niya, para sa kaligtasan sa huling panahong ito. Umaasa ako na maging bahagi ng dakilang Nobya na darating isa sa mga araw na ito.

179 Kahit ano pa ang sabi-sabihin ng mundo, bansagan man nila tayong "baliw, isteriko, o mga Beelzebub, o mga heretiko," ano man ang gusto nila. Nais ko pa ring mapagkilanlan kasama ng grupong 'yun. Ako'y naroon at naroon mismo. Mananatili ako roon. Ipinanganak ako roon. Ibig kong manatili roon. Sa tuwina'y mamalagi roon, dahil inilagay ako ng Diyos sa dakong 'yun. Ako nga. Iniwan ko ang simbahan ko, para pumunta't

maipagkilanlan ang sarili ko na kasama ng isang grupo ng mga holy-roller. Isa ako sa kanila. Napagkikilanlan ako kasama nila.

Sinasabi ng mga tao, "Billy, nawawala ka na sa iyong katinuan."

180 Marahil ganoon nga, pero natagpuan ko naman ang isip ni Cristo. Natagpuan ko ang Salita Niya, natagpuan ko ang Kanyang Presensya, nalaman na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! . . . alintana kung ano ang iniisip ng iba tungkol dito. Ako ito. Ako ang siyang dapat na magpakilala ng aking pagkakakilanlan. Napagkikilanlan ako kasama Niya, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Sinabi Niya, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." Nagagalak ako na napagkikilanlan ako roon. Siyanga, po.

181 Alam n'yo na ito, 'yung matandang maestro ng biyolin, minsan, narinig n'yo na ang kuwento, may lumang biyolin sila roon at sinusubasta nila ito, gusto nilang ibenta 'yun, at walang gustong bumili nito. Sabi nila, "Sinong magbibigay ng isang dolyar? Sinong magbibigay ng isang dolyar at kalahati?" Hanggang sa, "Unang pagkakataon, pangalawang pagkakataon, isang dolyar at kalahati."

182 Hanggang sa may isang matandang ubanin-ang-buhok na lalaki ang lumantad mula sa mga nagsidalo. Alam n'yo na ang kuwento. Kinuha 'yung biyolin, ang sabi, "Iabot n'yo sa akin." Nagpahid ng ilang rosin sa kanyang arco, at inihagod 'yun nang ilang beses. Nagsimulang umiyak ang mga tao. Nagsimulang tumulo ang mga luha sa kanilang mga mukha, nang dahil dun.

183 At noong mapaluha sila, inumpisahan uli ng manunubasta, sabi, "Sinong magbibigay ng isa," sabi, "isang libong dolyar, dalawang libo, limang libo?"

184 Ano ang kaibhan? Ang maestro, na may alam ukol dito, na gumawa nito, alam niya kung papaano palabasin kung ano ang nasa loob nun.

185 At hangga't pinagpipilitan nating dalhin ang mga iglesya natin mula sa mga kredo't denominasyon, hinding-hindi natin magagawa ito. Hayaan n'yo ang Maestrong Gumawa ng sangkatauhan, na Siyang lumalang sa tao sa sarili Niyang larawan, na Siyang gumagawa sa Kanya ng isang Nobya para sa parehong bagay, hayaan n'yo ang arco Niya ng paghagod ng Espiritu Santo na lumapat sa Salitang ito sa inyong puso minsan, at 'yun ang magiging pinaka huwaran natin. Kahit ganoon karaming malalaking simbahan ang puntahan mo, at gaanong karaming pangalan ang nasa aklat, higit ang magagawa nito para kay Jesus Cristo kaysa sa lahat ng mga simbahan, at mga denominasyon, at mga kredo, at mga iglesya sa mundo, at mga organisasyon, sa buong mundo.

186 Gumagawa Siya ng isang Nobya. Siyanga, po. Nilililok Niya ang mga tapyas ngayon, na tinatabas palayo ang mundo. Oh,

pag-anib sa iglesya, at mga kredo, at mga denominasyon, at mga dogma, ang lahat ay dapat na matabas mula sa Iglesya; ang mga pormal nilang ideya, ang pagiging malamig nila, ang kanilang mga doktrina't mga bagay-bagay. Kayo nga'y manumbalik at hayaan ang Maestro na damputin ang arco. Hayaang ang Maestro na kunin kayo sa Kanyang mga kamay, pahimigin ang Salita, sabihin, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

187 Sabihin, "Amen, Panginoon. Gawin Mo ako, hubugin Mo ako, gawin Mo ako, Panginoon, kung ano ako dapat." Pagkatapos magkakaroon ng kaibahan.

188 Kung ganoon, "Kung Ako'y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin." Siyanga, po.

189 Tinatabas ka na Niya ngayon, tinatabas ka sa Kanyang Salita lamang, tinatabas ang lahat ng mga kredo at dogma at lahat na, palayo sa iyo, sinisikap na makabalik sa isang Nobya para sa Anak, na isa uling obra maestra, bahagi ng Salita. Ang Salita.

190 Hindi maaaring humalili sa lugar si Jesus. Naaalala n'yo noong binasa nila noong araw na 'yun sa aklat? Binasa Niya ang bahagi lang nung propesiya, itinira ang iba pa nun para sa mga huling araw. Tayo ang dapat na gaganap sa bahaging 'yun.

191 Kaya, nakita n'yo, tinabas Niya, nais tabasin ang Iglesya, katulad ng ginawa Niya sa Anak, tulad ng ginawa Niya sa Nobya at sa Nobyo. Para maging Nobya Niya, dapat na kayo'y bahagi Niya. Hindi bahagi ng kredo, hindi bahagi ng simbahan, hindi bahagi ng denominasyon, kundi bahagi Niya. Kung tatabasin mula sa kung anong iba't ibang uri ng anyo, hindi uubra. Kinakailangan mong matabas mula sa Salita. Ang mundo na pinutol na sa inyo, at basta hayaan lamang ang Salita na mabuhay sa inyo.

192 Umaasa sa inyo ang dakilang Eskultor, na kayo'y handa na tumayo at magpahubog sa wangis ng Kanyang inaasahan ukol sa hinihingi ng Kanyang Salita. "Sa huling mga araw ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magsisipagpropesiya." Si Cristo ang ipinakilalang Obra Maestra ng Salita na nagkatawang-tao. Hinihiling sa inyo na ipagkilanlan ang inyong sarili sa Kanya, sa pamamagitan ng siya ring Salita, para maging yaong obra maestra ukol sa Nobya.

193 Ngayon, mga kapatid, may isang Obra Maestra ang Diyos noon, para ipakilala sa mundo, ngayon nga'y asam Niya ang isang obra maestra sa panahong ito. Payag ba kayo? Nakahanda na ba kayo, kaibigan kong Cristiano? Talaga bang siguradong-sigurado na kayo na ipasailalim ang buhay n'yo para kay Cristo, kahit ano man ang sabi-sabihin ng mundo? Sasabi-sabihin nila, "Nawala na kayo sa katinuan. Nabaliw na kayo. Nagpunta kayo

at nakisali sa grupong 'yan ng mga holy-roller." Huwag n'yong pansinin ang ganoon.

194 Kung hindi pa kayo talagang tunay na ligtas, at wala pa kayo sa Katawang 'yun, at ang Salita ng Diyos ay wala pa sa iyo para masalamin ang Sarili Nito, at di pa nasasalamin ang Buhay ni Cristo sa inyo; kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag kayong magbaka-sakali. Hindi ko iniisip kung ano man kayo, kung anong uri ng mga karanasan ang mayroon kayo, hayaan n'yo ang Salitang 'yun na masalamin sa pamamagitan n'yo araw-araw, dahil ang Diyos, sa mga huling araw na ito, ay kumukuha ng Nobya para sa Kanyang Anak, na si Jesus Cristo.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

195 Minamahal na Makalangit na Ama, haya't napaka payak na paraan ng paglalahad sa harap ng isang grupo ng matatalinong tao. Ang akin pong edukasyon ay sap-. . .kapos, Panginoon. Dalangin ko po na ang dakilang Espiritu Santo'y patimuin ang mga salitang ito sa puso ng mga tao, para makita nila ang ibig kong sabihin, sakali mang di nila maunawaan ito sa pamamaraan ko ng pagpuputol-putol ko ng mga bagay-bagay, Panginoon. Ngunit, sa puso ko, nakikita ko—nakikita ko kung ano ang Iyong—kung ano ang Iyong sinisikap na gawin.

196 Naniniwala po ako, Ama, ang Nobya ay dapat bahagi ng Nobyo. Kawangis dapat siya ng Nobyo, dahil siya'y bahagi Niya. Hindi siya kailanman, magiging Kanyang Nobya hangga't siya'y maging bahagi muna Niya. At 'yun nga'y ang maging bahagi ng Salita, sa panahon ngayon, na nagsasabing Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

197 Ang butil ng trigo na minsang nabuhay sa mundo, at nahulog sa lupa, na ibinangon sa wangis ng butil na inihulog sa lupa. At, Panginoon, sa Araw ng Pentecostes ay lumitaw ang isang dakilang Iglesya. Umusbong ang isa pang butil ng trigo, na ipagiging isang Nobyo at isang Nobya para sa huling araw.

198 Nalaman namin, nahulog ito, para sa Kanya, sa loob ng sanlibong taon. Mula noong konseho ng Nicea, nakahimlay ito na nabubulok sa lupa.

199 Isinulat ng mga kritiko ang librong, *The Silent God*, "Na pinabayaan lang daw na mamatay ang mga batang paslit, at masila ng mga leon, at masunog. At pinatay ng mga gladyador ang mga Cristiano, at sinunog sila sa mga tulos." Kung nagkaroon lang sana ng pang-unawang espirituwal ang taong 'yun!

200 Kailangang mabulok ang trigong 'yun sa lupa, pero sumibol itong muli, hindi sa anyo noong mahulog ito. Nahulog ito sa anyo ng isang butil ng trigo, pero, noong umusbong ito, haya't may ilang dahon, tulad ng bagong-sibol na trigo na umuusbong.

201 Sa wakas ay lumaki na ito, mula kay Luther hanggang kay Zwingli, at tuluy-tuloy, at sa dulo'y nakarating na sa uhay. Binago nito ang sarili sa panahon ni Wesley. Medyo mas kahawig na ng trigo, at mas kahawig na kaysa nung mga dahon. Muli na itong bumabalik sa kanyang sarili.

202 Pagkatapos ay nalaman namin, humantong ito, sa isang butil, na halos kahawig na nung orihinal. At kung sisiyasatin na maigi at babalatan, matutuklasan nga na 'yung unang butil na 'yun ng trigo ay wala pa palang butil sa loob, isa pa itong balat, isang talukap. Panginoon, ang dakilang Pentecostal na rebaybal na lumabas, kinailangan nitong maging ganoon, Panginoon, para protektahan ang Trigo kapag dumating na ito. Wala kasi Itong lugar na matutunguhan.

203 Ngayon, Ama, batid namin na tinutunghayan namin ang lahat ng bagay ayon sa kalikasan, dahil nilikha Mo ang kalikasan. Tinubos Mo ang lupa: sa paraan ng pagbautismo Mo rito, sa mga araw ni Noe, pagkatapos ng kanyang pangangaral; Ipinatak Mo ang Dugo ng Anak sa lupa, para banalin ito para sa Iyong Sarili; at sa dakilang panahong darating, sa muling pagsasaayos, ay susunugin Mo ito ng apoy, para sunugin ang lahat ng makasanlibutang mga bagay. Katulad ng ginagawa Mo sa Cristiano, inililigtas Mo siya: binabautismuhan siya; pinapaging banal siya; pagkatapos ay muling isasaayos ang mundo mula sa kanya, at aangkinin na siya pagkatapos na maituring na sa Iyo, sa pamamagitan ng paglalagay ng Espiritu Santo sa kanya.

204 Alam po namin na ang trigong ito'y dumaan sa parehong proseso. Ang bawat kalikasan ay gumagana nang magkakapareho. Ngayon, Panginoon, kapag nakikita po namin ang talukap na humihiwalay na mula sa Butil, na nagiging makasanlibutan na, Oh Diyos, ipagkaloob Mo pong ang mga butil na 'yun ay. . . Kinakailangang humiwalay na 'yung—'yung talukap, nang sa gayon ang butil ay maaari nang magbilad sa Presensya ng Anak. Naririnig ko na ang pagdating ng makinang pang-ani, Panginoon. Hindi na po magtatagal. At pagkatapos ay iaakyat na ng dakilang asensor ang Kanyang Nobya patungo sa kaluwalhatian, sa Presensya ng Diyos.

205 Dalangin ko po, Ama, na Iyo pong pagpapalain ang bawat isa sa amin. Ipaalala Mo po sa amin, Panginoon, na ito na ang aming pagkakataon. Baka wala na kaming pagkakataon bukas. Ngayon na ang aming pagkakataon. "Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon, kapag marinig ninyo ang Kanyang Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso." Panginoong Diyos, hindi ko po kilala ang mga taong narito. Kung mayroon man dito, na kulang dito, ipagkaloob Mo ngayong gabi na kanilang matanggap ang kabuoan ng Diyos, at mapuspos ng Espiritu Santo. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

206 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, nakayuko ang ating mga puso, rin. Mga kaibigan, ipagpaumanhin n'yo ang paraan ko ng pagpuputol-putol ko ng mensahe ko. Dalangin ko—dalangin ko na ipakita mismo ng Diyos sa inyo kung ano ang ibig kong ilahad. Ngayon, kung . . . ayaw ko po sana na may nakatingin. Panatilihin lamang n'yong nakayuko ang inyong ulo. Hindi ako . . . Sino ka man, kung hindi ka pa tiyak na ang buhay mo . . .

207 Ngayon, kita n'yo, bawat isa sa mga prosesong 'yun, anong kinahantungan nila? Humantong sila sa pagiging isang organisasyon. Anong ginawa Nito? Umalis ang Espiritu, nagpunta sa iba. Noong punto mismo na nag-organisa si Luther; pumunta Ito kay Wesley. Nag-organisa si Wesley; pumunta Ito sa Pentecostal. Nag-organisa ang Pentecostal; saan Ito pupunta? Tulad ng Haliging Apoy, nagpapatuloy mismo Ito sa pag-usad.

208 At may ilang tao, sinasabi nila, "Pentecostal ako." Mainam naman 'yan. "Lutheran ako." Ayos 'yan. Walang anumang laban diyan.

209 Pero, kaibigan, kaibigan, patuloy mismo sa pag-usad ang Trigo. Nagtamasa tayo ng isa sa pinakamalalaking rebaybal. Ito—ito nga'y tumagal nang mas mahaba kung tutuusin, ipinapakita ng kasaysayan na tumatagal lang ng halos tatlong taon ang isang rebaybal. Ang isang ito'y labinlimang taon na, o higit pa, ng mga kamangha-manghang kampanya ng pagpapagaling, pero ito po'y lumamig na ngayon. Tingnan n'yo! Ang bawat rebaybal ay palaging nagbubunga ng isang organisasyon pagkatapos nito. Pero bakit hindi ang isang ito? May maliit na grupo ng mga kapatid na nagsimula, dito sa isang lugar, na tinatawag na Latter Rain, hindi sila umusad; bumagsak din agad. Bakit? Ito na ang kapanahunan ng Trigo, mga kaibigan. Ito na ang Trigo. Mayroon nang isang pagmiministeryo sa lupa na kapareho niyaong nahulog noon sa lupa sa pasimula, isang tunay na karanasang pentecostal.

210 Nag-oorganisa na ang mga iglesya. At sinisikap ng isa na magtayo ng mas malaki kaysa sa isa pa, at kukuha ng mas maraming miyembro at mga bagay-bagay, mga pag-oorganisasyon, nang paunti-unti. Nakikita natin ito. Pentecostal ako. Nakikita natin itong humihiwalay na. Pero ano? Kailangan nitong gawin 'yun, para ang—ang Anak ay makarating mismo sa Butil. Kung wala ito roon, noong una, kung walang nakabalot na talukap dito, wala sana itong mapupuntahan. Iginawa ito ng Diyos ng isang talukap, kita n'yo, katulad ng mais, katulad ng trigo, katulad ng anumang iba pa na lumalabas sa sisidlan ng binhi. Ngayon, kita n'yo, wala nang anumang organisasyon ang umusbong pagkatapos nito. Bakit? Wala nang oras para sa isa pa. Nasa dulo na kasi tayo.

211 At kung wala ka pa mismo sa dapat na kinalalagyan mo,

haya't sabihin mo, "Kapatid na Branham, kung diringgin ng Diyos ang panalangin mo para sa mga maysakit, at nabalitaan ko ang bagay na ginawa ng Panginoon bilang tugon sa panalangin. . . " At nabalitaan n'yo ang ibang tao sa mundo ngayon, na nananalangin. Sabihin mo, "Ako. . .Maaari mo ba akong ipanalangin, na matanggap ko ang ganoong karanasan, Kapatid na Branham? Maaaring di na kita makita muli." Maaaring di ko na nga kayo makita. "Pero ipanalangin mo na makadako ako roon. Pakiramdam ko ay parang di ako madadako roon. Pero ibig kong ipanalangin mo ako, na makadako ako roon."

212 Ngayon, nakayuko ang bawat ulo. Itaas n'yo ang inyong kamay, maaari ba? Pagpalain ka ng Panginoon, pagpalain ka, at ikaw. Pagpalain kayo ng Diyos. Sa grupo rito ng mga tao, sa palagay ko, limampu, marahil, o pitumpu't limang kamay ang nagsipagtaas.

213 Ngayon, Minamahal na Jesus, Ikaw po ang hukom. Kami'y mga ministro lamang. Dalangin ko, Minamahal na Diyos. At—at kung makasumpong ako ng biyaya sa Iyong paningin, tugunin Mo po ang aking panalangin. Nakita Mo ang bawat kamay na tumaas. Talastas Mo kung ano ang nasa kanilang puso. Naniniwala kaming sila'y nakatalaga sa Buhay. At si Satanas, tulad noong mga araw ni Adan, tinatangka niyang pigilan ang obra maestra na 'yun na lumantad. Matigil siya nawa ngayong gabi. Hadlangan nawa ito ng Dugo ni Jesus Cristo, at lumantad nawa sila bilang obra maestra ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

214 Mapagkilanlan nawa sila sa Salita ni Cristo. Sinabi Niya, "Maliban na ang tao'y maipanganak na muli. . . " Matanggap nawa nila ang karanasang 'yun ng muling pagkasilang. Matanggap nawa nila ang bautismo ng Espiritu Santo, ang muling pagsasaayos ng lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Wala na silang pagnanais para sa mga bagay na ito, Panginoon. Alisin Mo ang mundo sa kanila, at ilantad Mo sila bilang obra maestra sa harapan ng mga tao. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, upang Ikaw ay maging masaya sa kapanahunan-ng-paghahardin sa mga huling araw rito, para ipakilala ang Iyong obra maestra ng mga kalalakiha't mga kababaihang ito, mga kabataang lalaki't babae, na nagsipagtaas ng kanilang kamay. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

215 Pagpalain Mo ang nagaganap na rebaybal na ito sa lungsod. Oh Diyos, dalangin ko na ang bawat lalaki't babae, na malapit lang sa paligid nun, ay makadalaw sa rebaybal na 'yun. At mapuspos nawa ang bawat isa sa kanila ng Espiritu Santo, at magkaroon nawa ng isang makalumang rebaybal na lalaganap sa maliit na siyudad na ito rito, hanggang sa magsidating ang mga tao mula sa lahat ng dako. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

Ibigay Mo po sa amin ang mga bagay na ito, Ama, sapagkat hinihiling namin ang mga ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

216 Iniibig ko Siya. Iniibig ko Siya. Iniibig n'yo ba Siya? Alam n'yo, sinabi ni Pablo, "Kung ako'y umaawit, umaawit ako sa Espiritu." Napapaisip nga ako. Malayo ako sa pagiging isang mang-aawit. Pero naiisip ko nga, yamang magkakasama tayo rito, ano kaya kung simulan natin ang awiting 'yun, *I Love Him*. Maaari mo bang bigyan kami ng tipa, kapatid na babae? "Dahil una Niya akong inibig." Narinig n'yo na ito. Ilan ang nakakaalam nito? Patingin ng inyong. . .Isa ito sa mga luma kong awitin. Gustung-gusto ko itong awitin. Sige po.

217 Ngayon po'y iyuko lang natin ang ating mga ulo at ipikit ang ating mga mata, at umawit ngayon, *I Love Him*.

> I love Him, I love Him
> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

218 Ihiging natin ito. Darating ang araw na pipintahan ng mga bahaghari ang kalangitan. Patutunugin ang isang trumpeta. Ang mga patay kay Cristo ay magsisibangon. Oh, talagang gugustuhin nating awitin Ito sa panahon na 'yan!

> And purchased my salvation
> On Calvary.

219 Doon Siya naging ang Obra Maestra para sa atin.

220 Tandaan n'yo mismo, ang lahat ng mga obra maestra, bago sila mailagay sa bulwagan ng karangalan, kinakailangan nilang dumaan sa bulwagan ng mga kritiko, muna. Kinakailangang makita ng mga kritiko kung mapupuna nila ito. Pero kapag makapanaig ito sa mga kritiko, saka na ito dadalhin sa bulwagan ng karangalan. Dumaan ang Anak ng Diyos sa mga kritiko ng bawat organisasyon, denominasyon, maging hanggang sa sabihin ni Pilato, "Wala akong nakikitang kasalanan sa kanya." Sinabi ni Judas, "Ipinagkanulo ko ang walang salang Dugo."

221 Pagkatapos ay ibinangon Siya ng Diyos, at nakatanghal Siya sa dakilang bulwagan ng karangalan ngayon, sa kanan ng Diyos, na namamagitan. Hindi ba't nais n'yong samahan Siya roon? Hindi ba't nais n'yong maging kabahagi nun? Maaari kayo. Inaanyayahan kayong maging kabahagi. Habang inaawit natin ang awitin na ito, sige't bakit di n'yo Siya kausapin ukol dito.

> . . .first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

222 Habang inaawit natin ito muli, gusto kong makipagkamay kayo sa katapat n'yo sa mesa ngayon. Sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, kaibigang Cristiano. Pagpalain ka ng Diyos.

Idalangin mo ako." Sige po't bawat isa sa inyo ngayon, habang inaawit natin itong muli.

> I love. . .(Idalangin mo ako. Idalangin mo ako.) . . .love Him
> Because He. . .

223 Mainam 'yan, magkamayan, sabihin, "Idalangin mo ako." Idalangin n'yo po akong lahat. Gusto kong makadako roon, gustung-gusto.

> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

224 Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo at ipikit ang ating mga mata, at itaas ang ating mga kamay at awitin ito sa Kanya ngayon.

> I. . .(Oh Diyos!) I love Him
> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary.

Tingnan n'yo ang Obra Maestra n'yo na nakabitin doon.

225 Dakilang Eskultor, dakilang Diyos na Siyang gumawa sa tao, at hinulma siya at hinubog siya sa Iyong sariling larawan, Idinadalangin ko sa Iyo, Panginoon, na tanggapin Mo kami ngayong gabi. Ito nawa'y maging isang gabi ng alaala, talagang hindi namin malilimutan, na, ngayong gabi, Panginoon, ngayong gabi, dito mismo sa Stardust Motel, hubugin Mo nawa ang mga tao sa larawan ng mga anak ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Dakilang Eskultor, Ikaw ang nag-Iisang makagagawa nito. Kunin Mo ang Iyong Salita, Panginoon, hubugin Mo Ito mismo sa mga puso naming lahat, para kami'y maging mga obra maestra Mo sa mga huling araw, at tawaging Nobya ni Cristo. Nang sa ganoon ay makita ng ibang tao na may ganoong realidad at ganoong kagalakan sa pamumuhay para sa Kanya.

226 Panginoon, sa araw na ito, hayan po't maging ang mga simbahan namin, ay nawawalan na sila ng katapatan. Hindi na sila. . .Para bang, naging Hollywood nang lahat, Panginoon, ano pong nangyari? Sinundan nila ang isang—isang kinang sa halip na ningning. Alam naming kumikinang ang mundo sa makasanlibutang ismo. Subalit nagniningning ang Ebanghelyo sa pag-ibig at kay Cristo. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na lumayo kami sa kinang ng mundo, at dumako sa ningning ni Cristo.

227 Sila'y sa Iyo, Panginoon. Binili Mo sila. Iyong. . .Itinaas nila ang kanilang kamay, ngayong gabi, inaasam po nila. Ngayon, Ama, aking. . .Kung kaya ko lang sana, gagawin ko silang ganoon, pero wala akong kakayanan. Subalit nagtitiwala ako sa Iyo. Sinabi Mo, "Ang lumalapit sa Akin sa anumang

paraan ay hindi Ko itataboy. Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na mapunta sa Kahatulan," haya't hindi magkunwa-kunwarian ngayon, Panginoon, kundi manampalataya mismo, "lumipat na siya mula kamatayan patungong Buhay." Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Sila'y Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

228 Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't Siya'y kamangha-mangha?

229 Bigyan mo kami ng tono, o tipa riyan, kapatid na babae, *Wonderful, Wonderful*.

Gusto n'yo bang umawit? Masyado na ba akong matagal?

230 Gusto kong sumamba. Hindi ba't kayo rin? Isang munting, nakakahiwang Mensahe na tulad nito, hindi ko. . .Alam n'yo 'yan, hindi ko nais na makasakit, pero, kailangan mong—kailangan mong ibaon ang pako, para tumatag ang kapit nito. Alam n'yo na ang ibig kong sabihin. Oo. Kinakailangan n'yo itong ibaon mismo. At kita n'yo?

231 Gusto n'yo ba nung awiting 'yun? "Kamangha-mangha, kamangha-mangha, si Jesus sa akin." Alam n'yo ba 'yun?

> Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
> Counsellor, Prince of Peace, Mighty God is He;
> Saving me, keeping me from all sin and shame,
> Wonderful is my Redeemer, praise His Name!
>
> I once was lost, now I'm found, free from condemnation,
> Jesus gives liberty and a full salvation;
> Saving me, keeping me from all sin and shame,
> Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Ang lahat po!

> Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
> Counsellor, Prince of Peace, Mighty God is He;
> Saving me, keeping me from all sin and shame,
> Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

232 Ngayon sabihin natin, "Purihin ang Panginoon!" "Purihin ang Panginoon!" Hindi ba't pakiramdam n'yo ay kinuskos na kayo nang husto? Maganda ba sa pakiramdam? Sambahin n'yo ang Panginoon. Siya'y kamangha-mangha.

233 Pagpalain kayo ng Diyos hanggang sa muli nating pagkikita. Ibibigay ko na ang gawain sa kapatid, na pangulo.

64-1205 Ang Nakilalang Obra Maestra Ng Diyos
Stardust Motel
Yuma, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org